



GIJTR

Global Initiative for Justice,
Truth & Reconciliation



MGA TINIG LABAN SA KARAHASAN

Mga pandaigdigang
pananaw ng mga
kabataang aktibista

UKOL SA TOOLKITNA ITO

Ang toolkit na ito ay isang produkto ng proyektong *Pagtutuon sa Tinig ng mga Kabataang Aktibista sa Paghadlang sa Karahasan* ng Global Initiative for Justice, Truth and Reconciliation (GUTR). Noong Enero 2021, inilunsad ng mga katuwang na organisasyon ng GIJTR, ang International Coalition of Sites of Conscience (ICSC), Asia Justice and Rights (AJAR), at Humanitarian Law Center (HLC), ang working group na *Kabataan sa Paghadlang sa Karahasan* at pumili ng 10 kabataang aktibista mula sa Afghanistan, Ivory Coast, Indonesia, Pilipinas, at Serbia upang sumailalim sa pagsasanay, magsagawa ng mga pakikialam na nakatutok sa paghadlang sa karahasan sa pamamagitan ng balangkas ng katarungang transisyunal, at magtukoy ng mga maaagang palatandaan ng malawakang paglabag sa mga karapatang pantao. Kasunod ng isang serye ng mga birtuwal na pagsasanay, nilaanan ang bawat kasapi ng working group ng \$3,500 upang magdisensyo at magpatupad ng proyektong pangkomunidad na magbibigay-daan sa mga kabataang maging aktibong katuwang sa paghadlang sa karahasan at siya ring nagsasapraktika ng kanilang pag-unawa sa mga konsepto ng paghadlang sa karahasan at katarungang transisyunal. Ang mga resulta at mga araling natutunan nila mula sa kanilang mga munting proyekto ay idinetalye sa mga sumusunod na kabanata sa toolkit na ito, na siyang isinulat ng mga kabataang aktibista mismo, at ang lahat ng ito ay nagbibigay ng mgaistratehiya na maaaring gayahin at ihalaw ng iba pang mga aktibista sa kani-kanilang konteksto.



Hangad ng toolkit na ito na tugunan ang lumalaking puwang sa pagitan ng kaalamang nabubuo tungkol sa mga kabataan at sa kanilang papel sa paghadlang sa karahasan, at sa aktuwal na proseso ng pagbubuo ng naturang kaalaman. Bihira lang na mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang gamitin ang kanilang sariling karanasan at kaalaman sa pagsusulat ng panitikang naglalahad sa kanilang pakikisangkot sa paghadlang sa karahasan at katarungang transisyunal. Madalas, kinokonsulta lang sila ngunit hindi talaga isinasali sa proseso ng pagdedisyon, kung saan maaari sana nilang maibahagi ang mga ambag nila. Ang mga proyektong pangkomunidad na inilunsad ng mga kasapi ng working group na *Kabataan sa Paghadlang sa Karahasan* ng GIJTR, pati na rin ang mga nilalaman ng toolkit na ito, ay pagpapatotoo sa yaman ng kaalaman at kakayahang taglay ng mga kabataan. Bukod sa pagsusulat tungkol sa mga istratohiyang pinangunahan ng mga kabataan sa paghadlang sa karahasan, nakisangkot din ang bawat kasapi ng working group sa bawat desisyong ginawa sa bawat yugto ng pagbubuo ng toolkit na ito. Mula sa pamagat ng toolkit na ito, sa paksa ng bawat kabanata, at pati na sa mga larawan, ang bawat desisyon ay ginawa mismo ng mga kasapi ng working group na ito.

MGA PAGKILALA:

MGA PANGUNAHING MAY-AKDA:

Spouzhmai Akberzai
Wazi Marie-Flore Begou
Madelene De Borja
Loi Alian A. Cabaluna

Iva Janković
Gbade Teloh Amandine Macoura
Manik Marganamahendra
Andela Savić
Mohammad Yahya Qanie

ISINALARAWAN NI:

Irindhita Laras Putri

ISINAAYOS NINA:

Bokang Poee
Devon Gulbrandsen

Pinaghusay ang toolkit na ito sa tulong ng mga dagdag na pagsusuri at komentaryo nina: Sarah Bradshaw (International Coalition of Sites of Conscience), Višnja Šijačić (the Humanitarian Law Center Foundation), Predrag Miletić (the Humanitarian Law Center Foundation), Vladan Djukanović (the Humanitarian Law Center Foundation), Anindya Amanda (Asia Justice and Rights), Indri Fernida (Asia Justice and Rights) at Lori Fried.

Upang panatilihin ang mga indibiduwal na tinig ng mga kabataang aktibistang may-akda, ang mga kabanatang iniambag nila ay iniwasto lamang upang maging mas malinaw at naiintindihan ng mga mambabasa, at hindi upang magtakda ng iisang tono sa buong akda.

Inilimbag Mayo 2022



International Coalition of
SITES of CONSCIENCE

Ang International Coalition of Sites of Conscience (ICSC) ay isang pandaigdigang bukluran ng mga museo, pook pangkasaysayan, at mga inisyatibang pangmasa na nakatuon sa pagsusulong ng mas patas at mapayapang kinabukasan sa pamamagitan ng panghihikayat sa mga komunidad na gunitain ang pakikibaka para sa mga karapatang pantao at harapin ang mga epektong kaakibat nito sa modernong panahon. Itinatag noong 1999, kabilang sa ICSC ang higit sa 300 kasaping Pook ng Konsensya mula sa 65 bansa. Sinusuportahan ng ICSC ang mga kasapi nito sa pamamagitan ng pitong rehiyunal na bukluran na nagsusulong ng pandaigdigang pagtutulungan at ng pagpapalitan ng kaalaman at mga mabubuting praktika.

Matuto ng higit pa sa:
www.sitesofconscience.org

TALAAN NG NILALAMAN

Mga Susing Termino at Kahulugan.....8

Panimula..... 11

Katarungang Transisyunal, Paghadlang sa Karahasan, at ang Paglahok ng Kabataan

Serbia

Ni: Anđela Savić..... 14

Habang Lumiliyab ang Daigdig: Kalusugang Pang- isip, Tulong Sikolohikal, at mga Kabataang Aktibista

Serbia

Ni: Iva Janković20

Kabataang Alagad ng Sining na Nangunguna sa Pagbabago

Pilipinas

Ni: Madelene De Borja26

JouHRno: Isang Lapit sa Peryodismong Di-Mapanakit at Nakabatay sa Karapatang Pantao sa Pilipinas

Pilipinas

Ni: Loi Alian A. Cabaluna..... 31

Pagbibigay-lakas sa mga Kabataan sa Social Media bilang Bagong Pampublikong Espasyo sa Paghadlang sa Karahasan: Isang Pag-aaral sa Indonesia

Indonesia

Ni: Manik Marganamahendra.....36

Ang Papel ng mga Alaala at Paggunita

Ivory Coast

Ni: Gbadé Teloh Amandine Macoura..... 42

Mga Istratehiya ng Gawaing-Adbokasiya at Aktibismo ng Kabataan tungo sa Pagbabago

Ivory Coast

Ni: Wazi Marie-Flore Begou 47

Mga Tinig laban sa Karahasan: Isang Peministang Pag-unawa ukol sa Karahasan sa Afghanistan

Afghanistan

Ni: Spouzhmai Akberzai 53

Ang Pagharap sa mga Planado o Targeted na Pagpaslang sa mga Kabataang Aktibistang Afghan


Afghanistan

Ni: Mohammad Yahya Qanie 57

Pangwakas.....65

UKOL SA GLOBAL INITIATIVE FOR JUSTICE, TRUTH, AND RECONCILIATION (GIJTR)

Sa iba't ibang bahagi ng daigdig, lalong umuugong ang mga panawagan para sa katarungan, katotohanan, at muling pagkakasundo sa mga bansa kung saan nananatiling banta ang mga pamana ng malawakang paglabag sa karapatang pantao sa pag-usad nila mula sa isang mapanupil na rehimen tungo sa isang inklusibo at demokratikong pamamalakad. Upang tugunan ang pangangailangang ito, inilunsad ng International Coalition of Sites of Conscience (ICSC o ang Koalisyon) ang Global Initiative for Justice, Truth and Reconciliation (GIJTR) noong Agosto 2014. Layunin ng GIJTR na lutasin ang mga bagong pagsubok sa mga bansang apektado ng sigalot o sumasailalim sa transisyon ngunit nahihirapan dahil sa mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao na naganap o nagaganap dito. Pinangungunahan ng Koalisyon ang GIJTR, na may katuwang pang 8 organisasyon: American Bar Association Rule of Law Initiative (ABA ROLI), Estados Unidos; Asia Justice and Rights (AJAR), Indonesia; Centre for the Study of Violence and Reconciliation (CSV), Timog Africa; Documentation Center of Cambodia (DC-Cam), Cambodia; Due Process of Law Foundation (DPLF), Estados Unidos; Fundación de Antropología Forense de Guatemala (FAFG), Guatemala; Humanitarian Law Center (HLC), Serbia; and Public International Law & Policy Group (PILPG), Estados



A plaque at a killing site in Bangladesh sponsored by the Liberation War Museum.

Unidos. Bukod sa paggamit sa ekspertong kaalaman ng mga kasapi ng GIJTR, nakikinabang din ang Koalisyon sa karunungan at malalim at matagalang koneksyong pangkomunidad ng higit sa 300 kasapi nito sa 65 na bansa upang pag-ibayuhin at palawakin ang pagkilos ng GIJTR. Ang mga katuwang ng GIJTR, pati na ang mga kasapi ng Koalisyon, ay bumubuo at nagpapatupad ng sari-saring mabilisan at makahulugang mga programa at aktibidad, gamit ang parehong mapanumbalik at mapagparusang pamamaraan sa katarungan at pananagutan laban sa mga malawakang paglabag sa mga karapatang pantao. Ang mga organisasyon sa ilalim ng GIJTR ay dalubhasa sa maraming larangan, kabilang na ang mga sumusunod:

- Pagbabahagi ng katotohanan, muling pagkakasundo, memoryalisasyon at iba pang porma ng pag-alaala ng kasaysayan;
- Pagdodokumento sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao alang-alang sa pagkamit ng katarungang transisyunal;

- Porensikong pagsusuri at iba pang mga gawaing may kinalaman sa paghahanap sa mga nawawala at dinakip na biktima;
- Mga adbokasiya ng mga biktima tulad ng pagpapadali sa pagkamit ng katarungan, suportang sikososyal, at mga gawaing nakapagpapabawas ng trauma;
- Pagbibigay ng tulong teknikal at pagpapahusay sa kakayahan ng mga aktibistang panlipunan at mga organisasyong sibil na makilahok at isulong ang mga proseso ng katarungang transisyunal;
- Mga inisyatiba sa mapanumbalik na katarungan (restorative justice); at
- Pagtitiyak sa katarungan at kapantayang pangkasarian kasabay ng lahat ng mga prosesong ito.

Hanggang sa kasalukuyan, inaalalayan ng GIJTR ang iba't ibang kasapi ng lipunang sibil sa maraming bansa sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga proyektong may kinalaman sa dokumentasyon at pagbabahagi ng katotohanan; nagsagawa rin ito ng pagtataya sa kakayahan ng mga lokal na organisasyong magsagawa ng dokumentasyon, memoryalisasyon, at suportang sikososyal; at nagdadaos din ito ng kaukulang pagsasanay kasama ang mga nakaligtas na biktima galing sa Asya, Africa, Gitnang Silangan at Hilangang Africa at binibigyan sila ng suporta at oportunidad na makilahok sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga pamamaraang pangkomunidad para sa pagkamit ng katarungang transisyunal. Gamit ang sari-saring karanasan at kakayahang taglay ng mga organisasyong katuwang ng GIJTR at mga kasapi ng Koalisyon, inihahandog ng programa sa mga bansang nagdaan sa sigalot at mga bansang bumabangon mula sa mapaniil na rehimen ang oportunidad na magsagawa ng napapanahong pagtugon sa kanilang mga pangangailangan kaugnay ng katarungang transisyunal habang isinusulong din nila ang pakikilahok ng mga kasapi ng kanilang mga komunidad at pinaguhusay ang kanilang mga kakayahan. Mula nang itinatag ito, natulungan na ng GIJTR ang mga mamamayan mula sa 72 bansa, nakipagtulungan sa 680 mga sibil na organisasyon, at nakapagbigay-suporta sa 323 proyektong pangkomunidad at pati na sa pagkalap ng higit sa 5,040 testimonya ng paglabag sa mga karapatang pantao.



A 2018 GIJTR exhibition of body-maps in Conakry, Guinea.

MGA SUSING TERMINO AT KAHULUGAN

Ang mga nakatalang susing termino ay ibinilang ng mga pangunahing may-akda mismo at gumagamit ang mga ito ng kahulugang sang-ayon sa pag-unawa ng mga may-akda.

Adbokasiya: mga inisyatibang naglalayong baguhin o impluwensyahan ang isang sistemang pampulitika, pang-ekonomiya, o panlipunan, karaniwang sa pamamagitan ng pagkilos “sa loob ng sistema” (Kahulugang hiram mula sa [Difference Between](#))

Aktibismo: ang pagkilos ng mga mamamayan “sa labas ng sistema” upang magdulot ng pagbabagong pampulitika o panlipunan sa pamamagitan ng masikhay na pagkilos at pangangampanya (Kahulugang hiram mula sa [Difference Between](#))

Alaala: anumang bunga ng pag-alala sa nakaraan. Sa konteksto ng katarungang transisyunal, ang memoryalisasyon ay maaaring maging sangkap sa pagpapanatili ng masasakit na alaala na may layuning hadlangan ang anumang sigalot sa hinaharap at panatilihin ang kapayapaan at pagkakaisang panlipunan sa pamamagitan ng pagkilala sa mga pinagdaanan ng mga nabiktima at nakaligtas dito. Gayunman, kapag naiwang hindi natutugunan ang trauma, ginagamit ng ilan ang mga alaala ng marahas na nakaraan upang bigyang-katuwiran ang kanilang paghihiganti. Mapanganib ang ganitong paggamit ng alaala at maaari itong makaapekto sa pag-unlad tungo sa kapayapaan at muling pagkakasundo sa panahong bumabangon ang isang bansa mula sa isang krisis.

Artibismo: pagtatambal ng sining at aktibismo para sa katarungang panlipunan at pagbibigay ng kakayahan sa mga mamamayang lumikha ng sining-biswal o pagtatanghal na may layuning umambag sa pagbabagong panlipunan

Karapatang Pantao: mga karapatang likas sa lahat ng tao nang walang anumang diskriminasyon

Katarungang transisyunal: isang hanay ng mga proseso sa loob at labas ng hukuman na may layuning tulungan ang lipunang harapin at lagpasan ang kasaysayan nito ng malawakang paglabag sa karapatang pantao lalo na sa kasagsagan ng karahasan at awtoritarismo.

Masa: mga karaniwang tao, mga lokal na organisasyong sibil, atbp.

Memoryalisasyon: mga proseso kung saan habambuhay na napapanatili ang alaala, para sa mga indibiduwal at mga komunidad

Narco List: listahan ng mga diumano’y “dawit sa pagtutulak ng droga,” na isinapubliko nang walang kaakibat na ebidensya ng Pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte noong 2019. Naglalaman ito ng 33 punong-lungsod, 8 pangalawang punong-lungsod, at 3 kasapi ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

Paggunita: batay sa kahulugan ng National Textual and Literary Resource Center, ang paggunita ay “isang seremonya ng pag-alala sa isang tao o kaganapan,” may kinalaman man ito sa relihiyon o hindi. Sa konteksto ng katarungang transisyunal, ang paggunita at memoryalisasyon ay ginagawa rin ng mga bulnerableng grupo o ng mga taong nakaranas na ng paglabag sa kanilang karapatang pantao. Sa kasong ito, ang memoryalisasyon ay isang paraan upang makiramay at makiisa sa mga taong inaapi, at pati na rin upang isulong ang pagkilala sa kanila at sa kanilang mga karapatan.

Paghadlang sa Karahasan: tumutukoy sa sari-saring mga kasangkapan atistratehiya na naglalayong pigilan ang pagsasagawa ng malawakang pagpatay o iba pang malawakang pang-aabuso sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan (Kahulugang hiram sa Atrocity Prevention and Peacebuilding report ng Peace Direct)

Pandarayuhan: pag-alis ng isang tao mula sa isang rehiyon o komunidad upang manirahan sa isa pa, lalo na kung bahagi ito ng malawakan at tuloy-tuloy na paglipat ng populasyon

Paniniktik: pagmamasid ng ugali, kilos, o ng impormasyon na may layuning magkalap ng kaalaman, mag-impluwensya, mamahala, o kontrolin ang kilos ng iba

Peminismo: ang pagsusulong ng mga karapatan ng mga kababaihan batay sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng kasarian

Planadong pagpaslang: sadya o puntiryadong pagpaslang ng mga rebelde o mga gobyerno sa isang partikular na tao

Proteksyong digital: pagprotekta sa paggamit ng isang indibiduwal ng internet o sa kanilang datos, pagkakakilanlan, o mga pag-aari

Proteksyong legal: mga batas at iba pang panuntunan upang ipagtanggol ang mga karapatan at kalayaan ng isang indibiduwal o grupo

Proteksyong pisikal: mga pisikal na kasangkapan, teknikal na kagamitan, at mga panuntunan at puwersang pangseguridad upang ipagtanggol ang isang tao o pag-aari

Rebelde: isang samahan ng mga taong lumalahok sa armadong himagsikan laban sa pamahalaan o sa mga batas nito

Sikoterapiya: ang pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa isang propesyunal sa kalusugang pang-isip upang maalalayan ang isang taong tukuyin at baguhin ang anumang pattern sa kanyang pag-uugali o pag-iisip at lutasin ang anumang suliraning kaugnay nito

Sosyoekonomiko: may kinalaman sa pag-uugnayan na mga panlipunan at pang-ekonomiyang salik

PANIMULA

nina Bokang Pooe at Devon Gulbrandsen

Mula sa mga maka-demokrasyang kilos-protestang pinangunahan ng mga mag-aaral sa Hong Kong noong 2019, sa mga kilos-protesta ng mga kabataan sa Belarus matapos ang pambansang halalan nito, hanggang sa kilusang Black Lives Matter na lumaganap sa buong daigdig noong 2020, patuloy ang pagdagsa ng mga kabataan sa mga lansangan at sa social media upang ipaugong at ipalaganap sa iba ang tungkol mga nagbabagang isyung may kinalaman sa kapayapaan at katarungan. Sa loob ng nakalipas na dalawang taon, sa gitna ng matinding paghihigpit dahil sa COVID, nasaksihan natin ang biglaang pagkalat ng retorikong nag-uudyok ng pagkamuhi at diskriminasyon, misimpormasyong may layuning guluhin at lalong pahinain ang mga bulnerableng komunidad, at sa pinakamalalang kaso, ang panunulsol na maghasik ng karahasan laban sa parehong mga komunidad. Gayunman, nasaksihan din natin ang paglago ng mga kabataan at mga kilusang-kabataang tumutunggali sa mga kaganapang ito at siya ring nasa posisyon upang humubog, umambag, at kumilos upang panagutin ang mga gobyerno, kumpanya, at mga tagapangasiwa at kasapi nila dahil sa anumang pananalitang nag-uudyok ng pagkamuhi at diskriminasyon, at aktibong labanan ito.

Kadalasang mababa ang turing ng mga nasa kapangyarihan sa mga kabataan: sila raw ay simpleng mga tagasunod, tagatanggap, o tagapanood, bunga ng paniniwalang nakasalalay sa edad at karanasan ang talino at pagkadalubhasa ng isang tao. Binabalewala nito ang pambihirang talino, sigla, at kapasidad ng mga kabataan. Kaso nga lang, ang parehong pambihirang kombinasyon ng talino at sigla ay madalas naman din namang inaabuso ng mismong mga nasa kapangyarihan upang maghasik ng digmaan at

gulo o magpabagsak ng mga komunidad at bansa, alang-alang sa kanilang pansariling interes. Gayunman, sa kabilang banda, patuloy rin ang paghahangad ng kabataang manguna sa pagbabago, sa pamamagitan ng kanilang pagkilos upang ipabatid sa buong daigdig ang tungkol sa mga malawakang karahasang nagaganap sa kani-kanilang mga lipunan, gaya na lang ng nasaksihan natin sa Soweto Uprising noong 1976 sa maka-Apartheid na Timog Africa at Arab Spring noong 2010 sa Gitnang Silangan at Hilagang Africa. Habang sa magkaibang lugar at panahon nangyari ang mga pagkilos na ito, isang katangian ng ganitong mga kilusan ang pagiging bata ng kanilang mga pinuno at tagasunod.

Patuloy din nating nasasaksihan ang muling paglitaw ng mga bata at determinadong tinig na naniniwala at nakikibahagi sa pagtatayo ng mas patas at mapayapang daigdig. Kinakatawan ng mga tinig na ito ang isang malalim na pagnanasang magamit ang kapangyarihan ng matapat at inklusibong naratibo tungo sa pagbubuo ng patas na daigdig at sa paghubog ng tunay na pamumuno at aktibong mamamayang handang maninindigan para sa katotohanan.

Dahil ang mga kabataan ang di-mawawaksing ugnayan sa pagitan ng nakaraan, kasalukuyan, at kinabukasan, sila dapat ang nangunguna sa pagbabagong panlipunan. Marami na ang nakasaksi – direkta man o hindi direkta, sa pamamagitan ng mga nagdaang henerasyon – sa mga karahasang nangyari sa nakaraan, at patuloy pa rin nilang nararamdaman ang mga epekto nito. Sa maraming lugar, hindi pa rin sapat na natutugunan ng katarungang transisyunal ang mga sugat at hamon ng nakaraan sa antas ng pulitikal at sikososyal, at nagiging sagabal ito sa pag-unlad at paghilom ng lipunan at bagkus ay nagdudulot ng hiwa-hiwalay na pagkakakilanlang pambansa at watak-watak na sambayanan – na maaari maghudyat ng muling karahasan sa hinaharap. Gayunman, sa pamamagitan ng mabisang aktibismo, pagpapakilos sa komunidad, at pag-iimbak at pagbabahagi ng kolektibong alaala, itatayo ng kabataan ang isang solidong tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan kung saan sisimulan nila at ng iba pang mga mamamayang muling mithiin at buhin ang isang mas maayos na daigdig.

Nangingibabaw ang mga pandaigdigang institusyon at panlabas na panghihimasok sa larangan ng paghadlang sa karahasan. Habang mahalaga syempre ang pandaigdigang suporta sa ganitong mga gawain, may susing papel din ang lipunang sibil at mga kabataan sa mga inisyatibang humahadlang sa mga karahasan sa lokal na antas. Kung ipaubaya natin sa mga lokal na mamamayan ang paghadlang sa karanasan, magkakaroon sila ng espasyo na unahin ang mga pangangailangan ng komunidad nila at tugunan ang mga posibleng karahasan sa paraang may katuturan sa kanilang konteksto. Sa *Mga Tinig laban sa Karahasan: mga Pandaigdigang Pananaw ng mga Kbaatng Aktibista*, ibinabahagi ng isang dinamikong grupo ng mga batang aktibista mula sa Afghanistan, Ivory Coast, Indonesia, Serbia, at Pilipinas ang kanilang mga personal



na paglalakbay tungo sa aktibismo at kung paano nila ginamit ang kanilang mga tinig upang pag-ibayuhin ang paghadlang sa karanasan sa pamamagitan ng pagharap sa mga pagkakamali ng nakaraan sa kanya-kanyang konteksto. Ipinakikita ng kanilang mga ambag ang sari-saring mga istratohiyang ginagamit ng mga kabataan upang hikayatin ang iba pang makilahok sa gawaing-advokasiya tungo sa pagbabagong panlipunan. Habang isinasagawa nila ang kanilang mga proyektong pangkomunidad sa iba't ibang dako ng daigdig, malalim din nilang pinagnilayan, bilang mga indibidwal at kolektibo, ang kahalagahan ng kanilang trabaho at kung paano ito mag-iwan ng makabuluhang marka sa mga susunod pang henerasyon ng mga aktibista.

Sa kaibuturan nito, isang pagpapatotoo ang Mga Tinig laban sa Karahasan sa ambag ng mga kabataang aktibistang inilagay ang kanilang sarili sa panganib, isinakripisyo ang kanilang paglilibang, at ibinuhos ang kanilang lakas upang magsilbing mga tagapagalaga ng alaala at tagapagtanggol ng mga karapatang pantao. Bukod diyan, isa rin itong gabay para sa umuusbong na henerasyon ng mga aktibista, na siyang itinulak tungo sa mabilis na nagbabagong daigdig na puno ng mga pagsubok kagaya ng COVID-19 at nagpapatuloy na krisis sa klima, ngunit sila ring pinagkalooban ng makabagong teknolohiya at kagamitan upang mas madaling paglapitin at pagkaisahin ang isa't isa.

KATARUNGANG TRANSISYUNAL, PAGHADLANG SA KARAHASAN, AT ANG PAGLAHOK NG KABATAAN

Ni: Anđela Savić


Hindi madaling unawain ang terminong “katarungang transisyunal” sa simula. Siguro dahil mas nasangkot muna ako sa mga pangyayari, tapos sa kalaunan ko pa lang natutunan ang teoryang kaugnay nito. Sa paglipas ng panahon, napagtanto kong ang proseso ng katarungang transisyunal ay isa ngang proseso ng pagbabago na pinagdaraan ng lipunan matapos ang sigalot, digmaan, o pagbabago ng rehimen, at mahahalagang sangkap nito ang pag-alam sa katotohanan, katarungan, reparasyon, at pagtitiyak na hindi na muling mauulit ang mga nangyaring karahasan. Madalas, mabagal, may mga kakulangan, at hindi perpekto ang prosesong ito, ngunit kinakailangan. Kaugnay ng katarungang transisyunal ay isa pang terminong malawak ang kahulugan sa simula – paghadlang sa karahasan. Madali lang itong ipaliwanag: tumutukoy ito sa sari-saring mga kasangkapan at istratehiyang maaaring gamitin upang hadlangan ang anumang malawakang paglabag sa karapatang pantao sa hinaharap. Ang kabuuhan ng kabanatang ito ay tututok sa mga hamong kinahaharap ng mga kabataan tungkol sa

KONTEKSTO: Serbia
MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

- Mahinang istruktura ng estado
- Rekord ng malalang paglabag sa mga karapatang pantao

pag-unawa sa mga konseptong ito lalo na sa konteksto ng dating Yugoslavia at pagharap sa hinaing ng iba’t ibang henerasyon tungkol sa pangyayari noon na maaaring hindi na naaalala ng mga kabataan o ipinasa lamang sa kanila sa pamamagitan ng mga biased na curriculum sa paaralan o mga personal na kuwento.


Noong dekada ‘90, ang dating Yugoslavia ay naging tagpuan ng malalang paglabag sa karapatang pantao, kabilang na ang karahasang seksuwal, puwersahang pagpapaalis ng mga mamamayan, “paglilinis” at pag-uubos sa mga lahi, at iba pang mga krimeng pangdigmaan. Ngayon, pagkalipas ng higit 20 taon matapos ang huling digmaan, nabubuhay pa rin ang iba’t ibang lipunan sa Kanlurang Balkans na dala-dala ang mga naratibong nag-uudyok ng pagkamuhí at takot sa “iba” habang ikinakaila ang mga nangyaring karahasan at minamaliit ang anumang pananagutan ng kanilang sariling bansa sa mga karahasang ito. Isa sa mga pinakanakakakilabot na halimbawa nito ay ang pag-uubos ng lahi (o “genocide”) sa Srebrenica. Noong Hulyo 1995, pinagpapaslang ng mga ahente ng militar at kapulisan sa ilalim ng Republika Srpska ang higit sa 8,000 katao sa Srebrenica sa Bosnia at Herzegovina, isang “ligtas na lugar” na dapat ay protektado ng United Nations. Pormal na tinaguriang “genocide” noong 2001 ng Pandaigdigang Hukuman para sa Dating Yugoslavia (ICTY) ang pangyayaring ito nang hinatulan nitong maysala si Radislav Krstić, punong tauhan at pangalawang-komandante ng Drina Corps ng Bosnian Serb Army, na siya ring kauna-unahang nahatulang maysala kaugnay sa karahasan sa Srebrenica. Sa mga sumunod na taon, hinatulan ding maysala sina Radovan Karadžić, kauna-unahang pangulo



ng Republika Srpska, at Ratko Mladić, komandante ng sandatahang lakas ng Republika Srpska. Gayunman, patuloy na ipinagdiriwang sina Karadžić at Mladić bilang mga bayani sa Serbia. Pinupuri sila ng midyang nagsusulong ng dominanteng naratibo habang nagkalat naman ang mga mural ni Ratko Mladić sa Belgrade at iba pang lungsod sa Serbia. Patuloy din nilang pinabubulaanan ang katotohanan hinggil sa mga isinagawang krimeng pangdigmaan at pilit na pinatahimik ang mga nakaligtas mula sa karahasang ito. Binabato rin nila ng masasakit na salita ang “ibang” mga komunidad, pati na rin ang mga nag-iingay at tumatangging ipagdiwang ang mga nasabing kriminal at ang mga naratibo nilang nag-uudyok ng karahasan.

Dahil sa kawalan ng konsensus hinggil sa mga pagmamalupit na nangyari at kung bakit nangyari ang mga ito, pati na sa kasalukuyang sitwasyong dulot ng kolektibong pagkakaila sa nakaraan, mahalaga para sa mga kabataan na isinilang bago at matapos ang sigalot na gamitin ang kanilang tinig at aktibong makilahok sa pagharap sa nakaraan at sa proseso ng pagtataguyod ng kapayapaan. Mahalagang bagay para sa mga kabataang aktibista ang bumuo at humubog ng isang lipunang kung saan nanaisin nilang mabuhay, at titiyakin nilang matututo sila mula sa mga dating pagkakamali at hindi na uulitin ang mga ito. Nabubuhay man ang mga kabataan ng Kanlurang Balkans na napapalibutan ng mga pamana ng malupit na nakaraan, pag-aari pa rin nila ang kinabukasan. Dahil diyang, nararapat lang na sila ay pakinggan at seryosohin.

Saanmang dako ng daidig, naririnig at namamana ng mga mas nakababatang henerasyon ang ang mga salaysay at naratibong galing sa kani-kanilang mga kapamilya. Sa kasamaang-palad, marami sa mga pamilyang nakatira sa Kanlurang Balkans ang may kanya-kanyang mga kuwento ng digmaan. Habang mahalaga ang mga personal na karanasan, madalas namang makaisang-panig at umaapaw sa emosyon ang mga ito, bagay na mapanganib at maaaring magtulak ng ibayong karahasan sa hinaharap. Kaya naman, dito pumapasok ang tungkulin ng mga paaralan at ng midya: upang magturo at magpakalat ng katotohanan. Sa halip, ang ganitong pagtanaw sa nakaraan at sa mga mararahas na kaganapang sumira sa maraming buhay ay nagkakaiba-iba sa pagitan ng mga bansa sa Kanlurang Balkans, at iba-iba rin ayon sa isang pulitiko at sa isa pa. Ang bawat bansa ay may kanya-kanyang tinatangkilikang bersyon ng mga pangyayari na



ipinapakalat nito sa midya o itinuturo sa mga paaralan. Ilang tipikal na halimbawa ng pagtutok sa mga piling kaganapan ay ang tungkol sa panghihimasok ng NATO sa Serbia noong 1999 o ang Operation Storm sa Croatia noong 1995, na siyang huling susing labanan sa Digmaan para sa Kalayaan ng Croatia. Karaniwang hindi ipinapaalam sa publiko ang pangalan ng mga salarin; isinasawalang-bahala rin ang mga biktimgang nagmula sa ibang mga pangkat-etniko; at minamanipula rin ang tunay na bilang ng mga biktima. Dahil diyang, ang paghahanap at pagpapakalat ng katotohanan ay mas lalong naging tungkulin ng lipunang sibil, at dito mas lumilitaw ang halaga ng pagpapasali sa mga kabataang aktibista sa mga gawaing kaugnay nito.



Maraming beses na nakakalap ang ICTY ng mga pagtatapat at pagpapatotoo tungkol sa mga digmaan, ngunit dahil sa mga kakulangan nito, hindi ito sinuportahan ng publiko. Dahil diyang, patuloy pa rin ang talakayan sa publiko sa Kanlurang Balkans kung dapat bang kilalanin o hindi ang mga natuklasan at mga hatol ng ICTY. Mabagal ang pag-usad ng mga lokal na hukuman at pinuputakti sila ng kung anu-anong mga sagabal. Madalas, hindi nakakatanggap ang mga biktima o kanilang mga pamilya ng karampatang kabayaran dahil sa mga kakulangan sa batas. Dahil walang pulitikal na pagnanais ang mga kinauukulang harapin ang nakaraan o kilalanin ang mga paghihirap na pinagdaraan ng mga biktima sa kasalukuyan, may maluwag na espasyo para sa kilusang sibil, lalo na para sa mga kabataang aktibista, upang makakilos at masubukang buhing muli ang tiwala at ang maayos na ugnayan sa pagitan ng iba't ibang mga pangkat-etniko at lahi.

Gaya ng inilahad sa itaas, may rekord ng matinding paglabag sa mga karapatang pantao ang rehiyon ng Kanlurang Balkans. Isa itong lupain kung saan naganap ang pag-ubos sa

mga lahi, mga krimen laban sa sangkatauhan, at iba pang mga krimeng pangdigmaan. Gayunman, ang mga pangyayaring iyon ay hindi man lang tinatalakay o pinagninilayan, bagkus ay pawang ipiniprisinta sa mga mamamayan mula sa isang makabansang pananaw. Magbigay tayo ng halimbawa. Noong nakaraang taon, noong ika-9 ng Nobyembre 2021 na siya ring ginugunita bilang Pandaigdigang Araw Laban sa Pasismo at Antisemitismo, nagplano ang kilusang Youth Initiative for Human Rights, katuwang ang iba pang mga organisasyon at aktibista, na tibagin ang isa sa mga pinakamalaking mural para kay Ratko Mladić, isang kriminal na habambuhay na nakakulong dahil sa kanyang kahindik-hindik na papel sa Srebrenica. Gayunman, ipinagbawal ng Kagawarang ng Interyor ng Republika ng Serbia ang pagtitipong ito at ang pagtitibag ng nasabing mural. Dito, malinaw na pinanigan at pinrotektahan ng estado ang mural. Bilang tugon, binato na lang ng mga aktibista at mga “artibista” ng itlog ang mural, sinabuyan ito ng pintura, at nagpakalat ng mga imahe ng namumukadkad na bulaklak na sumisimbolo sa Srebrenica sa buong kalungsuran. Ang ganitong paghihimagsik laban sa presensya ng mga kriminal na pangdigmaan sa mga pampublikong espasyo ay isa lamang sa maraming paraan kung saan maaaring ipahayag ng mga aktibista at mga kabataan ang kanilang pagtanggong ituring na bayani ang mga kriminal na ito.

Isa ring mahalagang paraan upang hadlangan ang paglaganap ng karahasan ay ang pagdalo at paglulunsad ng mas maraming oportunidad sa edukasyon at pagsasanay. Hindi lang natin dapat ipaalam sa mga kabataan ang katotohanan tungkol sa nakaraan, bagkus kailangan din natin silang sangkapan ng mga istrategiya upang labanan ang disimpormasyon, mga pekeng balita, at karahasang nakabatay sa kasarian, at ipakita rin sa kanila kung paano sila maaaring makiambag sa mga demokratikong proseso. Panghuli, napakahalaga ring mabigyan natin sila ng pagkakataong makapaglakbay at makilala ang isa’t isa, nang sila mismo ay makakuha ng direktang karanasan at maging pamilyar sa iba’t ibang kontekstong panlipunan.

Gayundin, isa pang mahalagang leksyon na patuloy nating napapansin sa konteksto ng Kanlurang Balkans ay ang halaga ng edukasyon, impormasyon, at katotohanan. Kapag mas pamilyar tayo sa katotohanan, mas ligtas tayo sa anumang uri ng propaganda at sa galit at pagkamuhing inuudyok nito. Madalas nating napapalampas ang mga palatandaan nito lalo na kung hindi natin alam kung ano ang dapat nating hanapin at kung ano ang dapat nating alamin; kaya naman, dapat tayong magkalap nang magkalap ng katotohanan at makinig sa tinig ng mga nakaligtas at nabiktima. Tungkulin nating bigyang-daan ang mga tinig na iyon at, kasabay nito, pagdamutan ng espasyo ang mga kriminal na pangdigmaan at mga tagasunod nilang maaaring maghasik ng mga mapanganib na ideya na maaaring magtulak sa atin sa higit pang karahasan.

Tungkol naman sa aking paglalakbay tungo sa aktibismo, nagsimula ang lahat sa social media, partikular na sa Twitter. May malaking kakayahan ang midya bagama’t madalas itong abusuhin, gaya na lamang sa kaso ng Prijedor sa Bosnia at Hercegovina noong

1992, kung saan ginamit ang mga himpilan ng telebisyon upang puntiryahin ang “iba” at saka maghasik ng karahasan, o kaya naman sa Rwanda noong 1994, kung saan tahasang hinimok ng isang himpilan ng radyo ang mga tao na “magtrabaho,” patayin ng kanilang mga kababayan at makatanggap ng gantimpala kapalit nito.³ Sa ngayon, ang midya ay ang pinakamalaking batis ng impormasyon, at kahit kaya nitong magpakalat ng pekeng balita at propaganda, kaya rin nitong magdulot ng mabuting pagbabago at pagkakaisa.

Natatandaan ko pang nabasa ko ang kuwento ni Vasfije Krasniqi, isang babaeng Albanian mula sa Kosovo, na ginahasa ng dalawang pulis sa kasagsagan ng digmaan noong 1999, noong siya ay 16 taong gulang lang.⁴ Matapos kong mabasa ang kuwento niya, at dahil na rin sa algoritmo ng internet na nagmungkahi ng nilalamang may kinalaman sa akin, nahanap ko ang kanyang profile sa Twitter. Matapos ang ilang araw ng pag-aalinlangan, naglakas-loob akong padalhan siya ng mensahe. Noon, ilang taon na ang nakalilipas, halos wala akong kaalam-alam tungkol sa mga nangyari sa digmaan sa Balkans; hindi ako kabilang sa anumang organisasyon at wala rin akong kakilalang aktibo sa larangang iyon. Basta, alam ko lang sa sarili kong kailangan ko siyang kausapin, humingi sa kanya ng paumanhin, at sabihing naniniwala ako sa kanya. Doon ko lang napagtantong isa itong paksang lubos na malapit sa akin at ang paglahok ko rito ay hindi lang isang trabaho kundi isa ring bokasyon o calling. Nagpadala agad ako ng email sa dalawang organisasyong tumatalakay sa nakaraan at sa katarungan sa Serbia, ang Humanitarian Law Center at ang Youth Initiative for Human Rights, kung saan ipinahayag ko kung gaano ko kagustong mapabilang sa kanila at kumilos kasama nila. Hindi sila tumatanggap ng bagong kawani sa mga panahong iyon, ngunit kalaunan ay nagbigay sila ng positibong sagot – at nagsimula ako bilang intern sa isa sa mga organisasyon at aktibista at volunteer naman sa isa pa.

Nagsimula ako sa pagiging volunteer, pakikisalamuha sa mga kapwa ko, at sa pagsusulat. Ikaw mismo, maaari kang magsimula nasaan ka man – nasa Twitter o nasa lansangan – kahit anumang mayroon ka – talento man sa pagsusulat o sining o kaya nama’y pagkahumaling sa batas. Kailangan mo lang simulang lumabas, makisalamuha sa iba, at ipaalam kung bakit mahalaga ang ganitong gawain at alamin kung ano pa ang nais mong malaman tungkol dito.

Madalas na tinitingnan ang mga kabataan bilang walang kapangyarihan, mahihina, at madaling maipuwensyahan. Tinitingnan at pinag-uusapan lang sila bilang isang pasibong hanay ng mga mamamayan, at hindi bilang mga aktibong katuwang sa pagbabago na dapat ay kinakausap din. Dahil diyan, hindi sapat na ituro lang sa mga susunod pang henerasyon ng mga aktibista ang tungkol sa halaga ng kanilang pakikilahok at sa mga paraan kung paano sila maaaring makapag-ambag. Bagkus, ang pinakamahalagang bagay na maaari nating gawin para sa mga kabataan ay bigyan sila ng espasyo upang lumago. Ang kabataan ng kasalukuyan ay ang magsusulong ng kinabukasan: sila ang mabubuhay sa daigdig na bubuuhin nila.

HABANG LUMILIYAB ANG DAIGDIG: KALUSUGANG PANG-ISIP, TULONG SIKOLOHIKAL, AT MGA KABATAANG AKTIBISTA

Ni: Iva Janković

*“sa mga araw na hindi mo marinig ang iyong sarili
magdahan-dahan a
hayaan ang iyong isip at
katawang
tagpuin ang isa’t isa
– katahimikan.”*

(RUPI KAUR)

Nais kitang tanungin nang tapat – bilang kapwa mo ring kabataang aktibistang kalahok sa paghadlang sa karahasan – *kumusta ka?* Interesado akong malaman kung anong nararamdaman mo araw-araw sa kabila ng mga pinagdaraan mo. Lalo na’t kapag parang imposibleng magkaroon ng anumang pagbabago. Mga kilos-protesta sa lansangan, marahas na kapulisan,

KONTEKSTO: Serbia

**MGA NAOBSERBAHANG
PALATANDAAN NG
KARAHASAN:**

- Tensyon sa pagitan ng mga grupo o nakaugaliang diskriminasyon laban sa mga protektado o bulnerableng mga grupo
- Pagkakalat ng propagandang nag-uudyok ng pagkamuhi laban sa mga partikular na grupo o indibiduwal

“Zoom bombing,” at mga kriminal na hindi pa rin naipapakulong – alam kong kailangan mo ng daigdig na mas makatarungan at may pagkakaisa, kung saan naniniwala kang mabuti ang mga tao at posibleng makamit ang pagbabago. Ngunit gaano kadalas mong inisiip, kahit saglit, ang kalusugan ng iyong katawan at isip? May mga tao bang umaagapay at nag-aalaga sa iyo? Tayong mga aktibistang kalahok sa paghadlang sa karanasan, may karapatan ba tayong magpahinga at bumawi ng lakas habang nagliliyab sa dami ng suliranin ang daigdig na nakapalibot sa atin? At mayroon ba tayong pribilehiyo at pera upang sumailalim sa sikoterapiya? Nais kong sabihin sa iyo na, nasaan ka man sa daigdig, hindi ka nag-iisa. Ngunit bago iyon, isa-isahin muna natin ang bawat punto.



Hindi tayo pwedeng maging mabuting tao sa iba kung tayo mismo ay hindi mabuti sa ating mga sarili. Tuwing nakikipag-usap ako sa aking psychotherapist tungkol sa mga agam-agam ko tungkol sa pagiging isang mabuting aktibista – halimbawa, *“Paano ako magpapahinga sa katapusan ng bawat linggo kung hindi naman nagpapahinga ang pasismo?”* – lagi niya rin akong pinaaalalahanan tungkol sa pre-flight demonstration na ipinapakita ng mga flight attendant tuwing lumilipad ako. Ano ang tamang paraan ng paggamit ng oxygen mask sa oras ng sakuna sa himpapawid? Sagot: Maaari lang tulungan ng mga pasahero ang mga bata at iba pang mga pasaherong nangangailangan na magsuot ng oxygen mask kapag naisuot na nila ang sarili nilang oxygen mask. Luma man at gasgas na ang halimbawang ito, malinaw na inilalarawan nito kung bakit mahalagang unahin at alagaan natin ang ating mga sarili bilang mga aktibista.

Sa loob ng isang dekada ko bilang aktibista, higit limang taon na akong sumasailalim sa sikoterapiya, at isa pa nga akong mag-aaral sa paaralang Family Systemic Therapy sa Belgrade, Serbia. Dapat kong linawin na hindi ako doktor o psychotherapist at na sinusulat ko ang lahat ng ito batay sa aking personal na karanasan. Malaking tagumpay para sa akin ang sikoterapiya, at nananatili itong mahalagang bahagi ng personal at propesyunal na buhay ko. Sa kabanatang ito, umaasa akong makapagbahagi

ng ilang mga sangkap at istratehiya na tutulong sa iyong tugunan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugang pang-isip bilang aktibista.

Mga Pangangailangan sa Kalusugang Pang-isip ng mga Aktibistang taga-Indonesia

Patuloy na humaharap sa pananakot ang mga aktibista sa Indonesia, sa loob o labas man ng saklaw ng batas. Isang halimbawa nito ay ang pag-atake noong 2017 sa aktibistang kontra-korapsyon na si Novel Baswedan. Isang di-kilalang salarin ang nagsaboy ng asidong sulphuriko sa kanyang mukha, na siyang bumulag ng kanyang kaliwang mata. Bukod kay Baswedan, isa pang aktibista mula sa Papua ang inaresto sa salang pagtataksil sa bayan. Naghahasik ang mga ganitong pangyayari ng takot sa mga aktibista at nagiging dagdag na pabigat sa kanilang kalusugang pang-isip. Bukod sa mga problemang nabanggit, madalas din silang nagkakaproblema sa pera, lalo't alam naman nating lahat na hindi sila kumikita sa ganitong gawain. Araw-araw naming inaalala ang kawalan ng katiyakan sa pera kasabay ng pagtatrabaho sa gawaing-adbokasiya. Marami sa amin ang walang akses sa mga mahahalagang serbisyong pangkalusugan, na siyang karaniwang mayroon ang taong, halimbawa, nagtatrabaho sa isang korporasyon. Dumadagdag ang mga ganitong suliraning pinansyal sa bigat ng pakiramdam namin.

Ang kalusugang pang-isip ay hindi isang basta-bastang isyu, at ganoon din kahit sa konteksto ng aktibismo. Kaakibat ng pakikisangkot sa mga kilusang-bayan ang isang delubyo ng mga suliraning tila walang katapusan. Ang paglubog mo sa mga problema ng komunidad, paglalagay ng sarili mo sa kalagayan ng iba, at pakikibaka mo para sa isang prinsipyo at layunin - grabe rin ang epekto ng mga ito sa iyong kalusugang pang-isip. Sa aking sariling karanasan, ang mga seryosong problema sa pag-isip ng mga aktibista ay dulot ng 'hindi matapos-tapos na pakikibaka.' Sa ating walang tigil na pagpapanawagan sa katarungan para sa mga marginalized community, mga biktima at nakaligtas, lagi rin tayong nalalantad sa mga mahihirap na sitwasyong maaaring magdulot sa atin ng trauma. Sinisikap din ng mga aktibistang panatilihin ang maselang balanse sa pagitan ng pag-aadbokasiya para sa mga biktima at pag-iwas sa dagdag na pinsala na maaaring mangyari tuwing nakikiusap tayo sa mga biktimang muling sariwain ang mga madidilim na kabanata ng kanilang buhay na mas gugustuhin na lang nilang kalimutan.

Kinakailangan natin ng mga prebentibong hakbang upang pangalagaan

ang mga aktibista at tiyaking hindi sila mahuhulog sa “hukay” ng karamdaman sa pag-iisip. Kung aksesible ito, dapat mayroong mga kagamitan na tutulong sa mga aktibistang lampasan ang second-hand trauma o anxiety na nakukuha nila kaakibat ng kanilang mga gawain. Ngunit hindi rin natin dapat kalimutang kasama mo rin ang mga kapwa mong mga aktibista na handang tumulong kapag kinakailangan. May aktibo silang papel bilang support group, at kaya nilang magbigay ng ligtas na espasyo kung kailangan mo mang maglabas ng hinaing at maghanap ng balidasyon at pampatibay-loob. Kailangan natin laging bigyang-pansin ang ating mga pangangailangan sa kalusugang pang-isip upang maipagpatuloy natin ang kritikal nating trabaho at maiwasan ang burnout. – Manik Marganamahendra

¹ <https://www.bbc.com/news/world-asia-53434719>

² <https://www.amnesty.org/fr/wp-content/uploads/2021/06/ASA2142092021ENGLISH.pdf>

*Ang personal ay pulitikal.*⁵ Pinapaalala sa atin ng kasabihang ito na, kagaya ng iba pang mga isyung panlipunan, ang kalusugang pang-isip ay isang usapin ng komunidad! Sa pakikipag-tulungan sa Global Initiative for Justice, Truth and Reconciliation, bumuo ako ng isang serye ng mga video na pinamagatang *Hindi Kami Sumuko Dahil Naaalala Namin*.⁶ Nakatuon ang seryeng ito sa tinig ng mga kabataang aktibista laban sa digmaang naganap sa mga bansa mula sa dating Yugoslavia. Tinutukan ng isa sa apat na video ang paksa ng kalusugang pang-isip at aktibismo. Sa kabanatang ito, ibabahagi ko ang mga kaisipan mula sa dalawa sa aking mga kinapanayam, sina Ivana Seratlić at Tamara Šmidling.

Sa gitna ng pandemya ng COVID-19, hindi natin maaaring ikaila ang masamang dulot ng pandaigdigang kaganapang ito sa kalusugan ng ating isip. Sa video na aking ginawa, ibinahagi ni Tamara Šmidling na, “Ang nararamdaman ng katawan natin, sa katunayan, ay isang isyung pampulitika at hindi lang dapat tinitingnan bilang isyu ng indibiduwal. Lahat ng bagay na umiiral at lahat ng mga suliraning kinahaharap natin noon pa ay hindi naglaho sa gitna ng pandemya, bagkus ay naging mas malalim at masalimuot. Partikular na nasa bulnerableng kalagayan ang mga kabataan, dahil lalong lumala ang kawalan ng kapanatagan dahil sa pandemya.”

Napakahalaga, unang-una, na pag-usapan at pag-isipan natin nang kolektibo ang kalusugang pang-isip. Kung sama-sama natin itong ginagawa, mas madali nating madadamayan at mauunawaan ang isa't isa. Sa karanasan naman ni Ivana Seratlić, “Ang kalusugang pang-isip ay ang ating kakayahang kumilos, magmahal, makipagpalagayang-loob, at ang kapasidad sa pagpapahinga, pagsasaya at pagiging tunay sa sarili – at

tungkulin natin ito sa ating mga sarili at sa komunidad.” Kinakailangan nating bumuo ng mgaistratehiya upang harapin ang mga situwasyong magdudulot sa atin ng reaksyon tuwing makaririnig tayo ng karanasang may kaakibat na trauma. Pag-isipan mo ito: Anong tumutulong sa iyong panandaliang kalimutan ang trabaho o ang mga iniisip mo? Paano mo sabay na pinagpapahinga ang katawan at ang isip mo? May mga gawain bang nagbibigay sa iyo ng inspirasyon o sigla?


Para sa marami, madalas na wala silang nakukuhang tulong upang tugunan ito. Kaya kung maaari, makipagtipon ka dapat sa mga kaagapay mo upang ibahagi ang iyong mga karanasan at damdamin at gamitin ang gabay na ito.⁷ Sa parehong video, ibinahagi rin ni Ivana Seratlić:

*Sa tingin ko, dapat lagi tayong makinig sa sarili natin, kung saan ang limitasyon natin, kung ano ang kaya at hindi natin kayang gawin. Gusto ko rin ang kuwento ni Gabor Maté kung saan sinasabi niyang nagsasalita at nagbibigay ng mga palatandaan ang katawan natin, kung paano natin malalaman kung ayaw ng katawan natin, kung nasaan ang limitasyon ng mga kakayahan natin, at kung bakit mahalagang alagaan natin ang katawan natin sa buong panahon ng pagiging aktibista natin at hindi lang tuwing naaawa tayo sa sarili natin.⁸ Tinatanong ko madalas ang sarili ko: **‘Anong kailangan ko ngayong araw?’** Ang patibong ng aktibismo ay tuwing nilimitahan natin ang sarili natin sa iisa sa maraming papel na ginagampanan ng isang aktibista (at kinakalimutan ang iba pa nating mga papel). Bukod diyan, kung sakaling hindi pa natin nalulutas ang ilan sa ating mga personal na trauma, dapat nating tanungin ang sarili natin kung ang aktibismo ba ay sanhi ng higit na trauma o espasyo sa paglago at pag-ahon matapos ang trauma. Isa itong mahalagang mensaheng dapat nating ipakalat, na hindi nangangahulugang hindi tayo karapat-dapat maging aktibista kapag iniisip natin ang ating pagkapagod, at hindi ito isang pangmaramihan kundi personal na istrategiya: alamin natin ang ating hangganan, tukuyin natin ang ating mga prayoridad, at magkaroon tayo ng plano sa pangangalaga sa sarili. Nakatutulong sa akin ang pagpapatalas ng aking kamalayan, ang pagiging masaya at kuntento sa aking sarili. Lahat tayo ay may kanya-kanyang gawain upang mapanatili ang ating maayos na pag-iisip.*

Dapat din nating kilalanin na ang kakayahang makinabang sa mga serbisyong pangkalusugan tulad ng counseling at sikoterapiya ay usapin din ng uring panlipunan dahil nangangailangan ito ng pribilehiyo at salapi. Sa isang ideyal na daigdig, libre dapat ito, lalo na para sa mga taong nagtatrabaho sa mga kondisyong nagdudulot ng istres sa

emosyon. Gaya ng ibinahagi ni Ivana Seratlić sa video na aking ginawa, “Higit na serbisyong pang-agapay ang kailangan, kagaya ng libreng serbisyo para sa kalusugang pang-isip, higit pang mga pasilidad, libreng kagamitang magbibigay ng tulong-sikolohikal sa mga kabataan, ngunit mahalaga ring magbukas tayo ng mga lugar sa lokal na komunidad na tutulong sa mga hindi kayang magbayad para sa sikoterapiya. Dapat ganitong modelo ng pag-alalay ang maipaabot natin sa mga taong walang pera.”

Kung wala kang akses sa anumang kagamitan o pasilidad para sa iyong kalusugang pang-isip, mainam na umugnay sa mga kapwa-aktibistang maaaring umagapay sa iyo upang hindi mapabayaang ang iyong kalusugang pang-isip. Gaya ng iminungkahi ni Jelena Jaćimović sa isa sa mga video, “Para sa akin, ang natatanging paraan upang matulungan natin ang isa’t isa ay kung pakikinggan natin ang isa’t isa, mag-iyakan man tayo at magpalitan ng kuwento tungkol sa ating mga pinagdaraan at nang maunawaan natin ang isa’t isa, dahil sa tingin ko ay hindi laging magdudulot ng saya [ang aktibismo] at maaaring lumala pa ang mga kakaharapin nating pagsubok, kaya dapat talaga nating alalayan ang isa’t isa.” Mahirap man itong gawin lalo na sa uri ng daigdig na kinalalagyan natin ngayon, mayroon namang mga libre at malalapitang kagamitan at pasilidad na gagabayan tayo sa pag-aalaga sa sarili natin. At sa pamamagitan nito, mababawi natin ang lakas na gawin ang lahat ng ating makakaya sa ating mga pagkilos.⁹



“Hindi naman natin kailangang gawin ang lahat ng ito nang mag-isa. Hindi naman kasi talaga dapat.”

– BRENÉ BROWN¹⁰

MGA KABATAANG ALAGAD NG SINING NA NANGUNGUNA SA PAGBABAGO

Ni: Madelene De Borja

Malaking papel ang ginagampanan ng sining sa pagkilos para sa pagbabagong panlipunan. Sa kasaysayan, nakapagpasiklab na ng mga rebolusyon at nakapag-udyok ng mga pag-aalsa ang sining bilang instrumento ng kapangyarihan at paglaban para sa mga mamamayang pinatatahimik at isinasawalang-bahala. Sa panahon natin ngayon, kasabay ng pag-usbong ng mga gobyernong populista at awtoritarista, patuloy rin ang pag-atake sa mga kilusang-bayan mula sa iba't ibang dako sa pamamagitan ng mga represibong polisiya, na siya namang nagtutulak sa mga kilusang ito upang iangkop at ipagtanggol ang mga lumiliit na demokratikong espasyo sa mga paraang hindi pa nagagawa noon.

Noong 2014, nakibaka ang Kilusang Payong (o mas kilala sa Ingles bilang “Umbrella Movement”) na pinangunahan ng mga kabataan upang ipagtanggol ang demokratikong

KONTEKSTO: Pilipinas

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

- Rekord ng malalang paglabag sa mga karapatang pantao at international humanitarian law
- Kakayahang maghasik ng mararahas na krimen

proseso ng halalan laban sa pakikialam ng mga pamahalaan ng Tsina at Hong Kong. Kamakailan lang din, noong 2021, isa namang malaking kilos-protesta ng mga manggagawa sa Timog Korea na may 16,000 kalahok ang pumukaw sa pansin ng buong daigdig dahil sa pagsusuot nila ng mga sikat na kasuotan mula sa “Squid Game,” isang palabas sa telebisyon na tumatalakay sa hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan. Sa iba't ibang mga komunidad, ginagamit ang sining bilang isang makapangyarihang sandata na sumasalat sa kaibuturan ng ating pagkatao at tumutulong sa ating tanawin, buuhin, at ipaglaban ang isang mas maayos na lipunan.

Sa Pilipinas naman, laging may paraan ang mga alagad ng sining upang isalaysay ang mga naratibo ng bayan. Sa pamamagitan ng mga kuwentong-bayan, pampublikong mural, musika, mga pelikula, at iba pang mga daluyan, muling binabawi ng mga alagad ng sining ang mga naratibo at espasyo para sa mga mamamayan. Halimbawa, nang ipinag-utos ng diktaduryang Marcos ang sensura sa midya, nagsimulang umikot ang mga subersibong pelikula at alternatibong midya upang ipakalat ang mga kuwento ng pagpapahirap at pang-aabuso ng estado na siyang pilit nitong pinagtatakpan.

Ilang dekada ang lumipas, patuloy na tumatayo ang mapanglabang sining na nilikha noong diktaduryang Marcos at batas militar upang panatilihin ang mga alaala ng di-kilalang bayani ng panahong iyon. At ngayon, muli na namang humaharap ang sambayanang Pilipino sa malupit na pamumuno ni Pangulong Rodrigo Duterte, na siyang naghahasik ng digmaan laban sa mga mahihirap at pinagsasamantalang laylayan ng lipunan at nagwawasak sa mga saligan ng demokrasya sa bansa. Ilang polisiya na tahasang labag sa mga prinsipyo ng ating Saligang Batas at karapatan at dignidad ng tao ang naipasa sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kabilang na rito ang Batas Kontra-Terrorismo na ginawang krimen ang aktibismo at inaatake ang ating demokratikong karapatan ng di-pagsang-ayon, pati na ang mga batas na nagpahintulot sa “Oplan Tokhang,” na siyang nagsasabatas sa ekstra-hudisyal na pagpatay sa mga pinagbibintangang gumagamit o nagtutulak ng droga, at ang red-tagging, di-makatuwirang pag-aresto, at iba pang mga paraan ng pag-atake sa mga mag-aaral, mamamahayag,



magbubukid, mga tagapagtanggol ng kalikasan, at iba pang mga sektor na nagsusulong ng mga karapatang pantao.

Sa kasagsagan ng populista at awtoritaristang rehimen ni Duterte, pinagpapaslang ang mga abogado, pinakulong ang mga kasapi ng oposisyon, ginawang sandata sa paghahasik ng misimpormasyon at propaganda ang social media, at pinagbantaan o pinasara ang midya dahil sa pagpapahayag nito ng katotohanan. Ngayon na ang panahon upang malikhaing lumaban at palakasin ang ating mga puwersa sa paghadlang sa karahasan upang salagin ang mga atake sa mga laylayan ng lipunan at alisin ang mga panganib na sumasagabal sa paglahok ng mga mamamayan sa pulitika.

Bilang mga kabataan, mahalagang mapasigla natin ang ating pagsisikap na hadlangan ang anumang karahasan. Kapag ang mga tradisyunal na porma ng adbokasiya ay nililimitahan o pinagbabawalan, kailangan nating maghanap ng iba pang mabisang paraan upang ipakalat ang ating mga kuwento at mas makapag-organisa ng mga mamamayan sa kilusan para sa mga karapatang pantao. Kailangan nating bawiin ang mga lumiliit nating demokratikong espasyo at naratibo sa pamamagitan ng sining at mga malikhaing kilos-protesta na nakatuon sa naratibo ng mga mamamayan.

Tayong mga alagad ng sining, hindi tayo nabubuhay nang hiwalay; kaisa tayo ng ating mga komunidad sa pakikibaka para palayain at gawing makatao ang ating lipunan. May likas na talento ang mga kabataan ng henerasyong ito sa pagsakop at pagbawi sa ating mga espasyo, sa Tiktok man ito, sa Facebook, o sa mga lansangan. Ang hamon sa atin ngayon ay gamitin ang ating talento upang bigyan ng kapangyarihan

“Maaari tayong lumikha ng sining na magpapalaya o gagapos sa atin, hahati o magbubuklod sa atin, tutupok o maglilingkod sa atin, o maaari rin tayong lumikha ng sining na nasa gitna ng dalawang panig. Sa pagkilala sa ganoong posisyon, gusto kong isiping hindi hiwalay sa ibang bagay ang aking malikhaing paggawa at sinusuong nito ang ating patuloy na nagbabagong daigdig at ang pluralidad na pumapalibot dito. Para sa akin, nagagawang gumana ng sining, bilang isang anyo, proseso, o daluyan, na tila isang masidhing puwersa, hindi lang sa pamamagitan ng iisang likha, ngunit sa lumalawak na mga gawain sa inklusibong edukasyon, paglubog at pakikisalamuha sa masa, at kolektibong pagkilos kasama ang mga mamamayan at sektor mula sa mga komunidad sa kalungsuran at kanayunan. Isa itong puwersang nagbibigkis sa mga tao, naghihikayat sa paglago ng kaalaman, at nagbibigay-kahulugan sa ating lahat bilang mga tao.”

— **Ralf Eja**, isang nagsasariling alagad ng sining at manggagawang-kultura sa Pilipinas

ang ating mga komunidad at palakasin ang ating mga tinig gamit ang tunay na kaalaman natin ukol sa kalagayan ng mga mamamayang katuwang natin sa ating kampanya. Ang layunin natin sa malikhaing paglaban ay hindi lang para bumuo ng isang plataporma kundi para bumuhay sa isang kilusan, at mabubuhay lang ang kilusang iyon kung sama-sama tayong nag-oorganisa kasama ang komunidad na kinabibilangan natin.

Ang proyektong *Pagtutuos at Paghilom: Pagsasaalaala sa Kolektibong Trauma ng Sambayanan* ay isang gawaing isinusulong ng proyektong Kabataan sa Paghadlang sa Karahasan ng Global Initiative for Justice, Truth, and Reconciliation (GIJTR) na nakabatay sa mga istrategiya ng katarungang transisyunal sa pamamagitan ng pagsasabi ng katotohanan at memoryalisasyon. Sa pamamagitan ng “super duper sikret,” isang online gallery para sa mga kabataan hinggil sa mga karapatang pantao at paghadlang sa karahasan, nilalaban ng mga kabataang Pilipino sa iba’t ibang uri ng social media at multimedia ang mga tangkang pambabaluktot sa kasaysayan at sa mga pamana ng batas militar at ng diktaduryang Marcos. Dala ang layuning lusutan ang mga “echo chamber” kung saan lumalaganap ang mga pekeng balita at nabubuo ang mga kalkuladong hakbang sa pagpapakalat ng misimpormasyon, binulabog ng proyekto ang tradisyunal na pag-ikot ng sining sa pamamagitan ng panggugulat nito sa madla gamit ang isang serye ng mga likhang-sining sa social media at multimedia. Mala-“clickbait” ang hitsura ng pagtatanghal na ito at ginawa namin itong “sikretong” maaari lang mapasok sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na nagkalat sa social media o naka-imprenta sa mga sticker na idinikit namin sa mga pampublikong espasyo. Dahil sa paraan



ng pagpapakalat nito, sinadya ito para sa malawak na madlang makakakita sa aming QR code sa Facebook, Instagram, mga news outlet, at maski sa mga lansangan kung saan namin idinikit ang mga sticker. Umabot ang aming lihim na pampublikong art show sa 10,800 katao sa Facebook, 7,500 katao sa Instagram, at 3,400 naman sa pamamagitan ng mga sticker na nakadikit sa lansangan. Ang animated dialogue naming Mga Dapat Tandaang Kuwento ng Batas-Militar ay nakaabot sa 3,300 katao sa pahina namin sa Facebook, at bukod pa diyan ang mas marami pang taong naabot ng mga pahina ng 20 organisasyong kinatuwang namin.

Sa aming henerasyon, nakapaglunsad kami ng mga kampanya at nagpasimula ng mga trend na tutulong sa aming makiugnay sa mga tao mula sa iba't ibang panig ng daigdig at mapatibay ang pandaigdigang pakikiisa sa kilusan para sa karapatang pantao. Ang susing araling nais naming ipabatid ay: huwag hayaang umiral ang kawalan ng katarungan, magpakatao tayo kasabay ng ating paglubog sa masa, at ang kolektibong pagsisikap na nakaugat sa mga naratibo ng ating komunidad ay ang pangunahing susi sa ating malikhaing paglaban at paghadlang sa karahasan.

Upang kumonekta sa amin:

<https://www.wtf.ph/network>

connect@wtf.ph

[@wethefuture_ph](https://www.facebook.com/wethefutureph/)

<https://www.facebook.com/wethefutureph/>



JouHRno: ISANG LAPIT SA PERYODISMONG DI-MAPANAKIT AT NAKABATAY SA KARAPATANG PANTAO SA PILIPINAS

Ni: **Loi Alian A. Cabaluna**

KONTEKSTO: Pilipinas

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Mga senyales ng intensyong wasakin ang buhay ng kabuuhan o bahagi ng isang protektadong grupo

Simula nang manumpa bilang Pangulo ng Pilipinas si Rodrigo Duterte noong ika-30 ng Hunyo 2016, libu-libong mamamayan na ang pinaslang sa kanyang kampanyang “Giyera Kontra Droga”. Sa mga napatay, dose-dosena rito ay mga menor de edad na pinuntirya dahil sila ay nasa “Narco List” o kaya naman ay di-sadyang nabaril sa mga raid kontra droga – at ang tawag sa kanila ng mga kinauukulan ay “pinsalang kolateral.” Habang nakababahalang bilang ng mga tao ang pinapaslang, nagpapatuloy rin ang kampanya kontra droga sa paggamit ni Duterte sa social media, partikular na sa Facebook, bilang instrumento ng paglalarawan ng positibong mukha ng nasabing kampanya. Ang pagmamaniplula ni Duterte sa social media ay bumuo ng isang naratibo kung saan nakilala ang Pilipinas bilang bansa kung saan “wala nang halaga ang katotohanan, nagkalat ang propaganda, at namamatay ang mga tao at nasisira ang mga buhay bunga nito.”¹¹

Kamakailan, nakahanap ang Human Rights Watch ng mga batayan upang ituring na isang krimen laban sa sangkatauhan ang pag-uudyok at panghihikayat ni Pangulong

Duterte sa mga pagpatay na isinagawa sa “Giyera Kontra Droga.” Nakahanap din sila ng 24 na kaso kung saan pineke ng kapulisan ang mga ebidensya upang ikatuwiran ang kanilang di-makatarungang pagpatay mula Oktubre 2016 hanggang Enero 2017. Taliwas sa testimonya ng mga saksi na nagsabing walang-habas na pinagpapapatay ng mga pulis ang mga di-armadong suspek sa kanilang kustodiya, pinaninindigan ng kapulisan sa kanilang mga opisyal na ulat na pawang mga insidente ng pagtatanggol sa sarili ang mga kasong ito. Tinataniman din nila ng mga baril, basyo ng bala, o pakete ng droga ang katawan ng mga biktima upang bigyang-katuwiran ang pagpatay sa mga ito. Wala pang kahit sinong mariing naiimbestigahan ni nahahatulan sa mga pagpatay na ito.

Kung paisa-isang titingnan ang mga kasong ito, kung saan iisa o dadalawa ang pinapatay, hindi ito magiging kapansin-pansin, ngunit kung pagsasama-samahin silang lahat sa loob lang ng ilang taon, malinaw na pinapakita ng mga kasong ito ang malawakang pang-aapi at represyon.

Nagkalat ang disimpormasyon at propaganda sa mga pangunahing plataporma ng social media tulad ng Facebook upang sulsulan at pasiglahin ang kampanyang



ito. Ayon sa isang ulat ng BuzzFeed, nakisakay sa pagsikat ni Duterte ang ilang mga influencer sa Facebook: “Tinuturing nina Sass Sasot, isang aktibista para sa karapatan ng mga transgender (na may higit sa 650,000 tagasunod), RJ Nieto, isang blogger (na may 1.2 milyong tagasunod), at ni Mocha Uson, dating mang-aawit (na may 5.7 milyong tagasunod), ang kanilang mga sarili bilang mga pagawaan ng propagandang maka-Duterte. Sama-sama nilang binuo ang isang ekosistemang hindi naiiba sa mga tagasuporta ni Donald Trump sa internet sa Estados Unidos.”¹³ Paulit-ulit nilang



ginagamit ang Facebook upang susing daluyan ng mga maka-administrasyong naratibo at damdamin, lalo na tungkol sa kampanya nito laban sa ilegal na droga, at kabilang na diyan ang dalawang dosenang maka-Duterteng pahina sa Facebook na nagpapakalat ng mga pekeng balita.

Mga leksyon mula sa Rwanda at dating Yugoslavia

Sa panahon ng parehong sigalot at kapayapaan, may kakayahan ang midya na hubugin ang ating pagtanaw sa realidad. Kaya nitong impluwensiyahan ang mga tagapanood, tagapakinig, at mga mambabasa nito, at maaari rin itong gamitin (o abusuhin) bilang instrumento ng propaganda. Ganito ang nangyari noong 1992 sa bayan ng Prijedor sa Bosnia at Hercegovina at pati na rin sa Rwanda sa kasagsagan ng genocide noong 1994. Ang mga ikinilos ng Radio Prijedor at ng pahayagang Kozarski Vjesnik mula sa Bosnia at Hercegovina, pati na rin ang himpilang Radio Télévision Libre des Mille Collines at pahayagang Kangura sa Rwanda, ay ilan lamang sa mga halimbawa ng nakasisirang epekto ng propaganda sa lipunan at ang papel na maaaring gampanan ng midya sa gitna ng sigalot. Sa kasalukuyan, matagal na panahon na matapos ang karahasan sa Balkans, ipinakikita pa rin ng ilang midya sa Kanlurang Balkans ang nagpapatuloy na tensyon at mga hamong kinahaharap ng mga lipunang nagdaan sa sigalot. Sa ganitong paraan, hinuhulma nila ang realidad na kinalalagyan ng mga kabataan. Walang direktang karanasan ng sigalot ang mga kabataang isiniling sa kasagsagan o pagkatapos ng digmaan. Ang meron lang sila ay ang mga naratibong nag-uudyok ng galit at pagkamuhi na naririnig sa midya o nagmumula sa bibig ng mga opisyal ng estado o iba pang mga prominenteng tao.

“Kaya naman mahalagang turuan ang mga kabataan hindi lang tungkol sa mga katotohanan ng kasaysayan, kundi pati na rin tungkol sa mga paraan ng pagtukoy at paglaban sa disimpormasyon at propaganda. Mas kinikilala na ngayon ang halaga ng tinatawag na media literacy ng mga paaralan at pati na rin ng mga organisasyong sibil, dahil mahalaga na rin ang di-pormal na edukasyon. Kaya ng iba’t ibang mga organisasyong magsagawa ng pagsasanay na tutulak sa mga kabataan, aktibista, at mga mamamahayag na baguhin ang naratibong pumapalibot sa kanila, at magbigay rin sa kanila ng tuntungan upang direktang baguhin ito. Isa sa mga pinakamainam na paraan upang labanan ang hate speech at xenophobia (o takot sa mga dayuhan) ay ang pagbibigay-pansin at pagpapakalat sa mga positibong istorya at karanasan na laging nandiyan ngunit madalas na hindi napapansin.” – **Andela Savić**

Madalas na nagsusulat ng mga lathala at gumagawa ng mga dokumentaryo ang mga pangunahing himpilan ng midya tungkol sa mga ganitong isyu sa karapatang pantao, ngunit bihira tayong makakita ng mga estudyanteng mamamahayag (edad 15-21) na tumatalakay sa mismong isyung ito. Ngayon na ang panahon para sa mga estudyanteng mamamahayag at mga kabataang aktibista upang makialam sa mga isyung panlipunan lalo na sa mga may kinalaman sa mga karapatang pantao. Dapat nilang pahalagahan ang pagbabahagi ng katotohanan sa mga pahayagang pamparalaan upang gisingin at impluwensiyahan ang kamalayan ng kanilang mga kamag-aral at ipaalala sa kanila ang mga karahasang nangyari sa nakaraan at pigilang maulit ang mga ito. Maraming kabataan ang sang-ayon sa “Giyera Kontra Droga” dahil sa mga pekeng balita at misimpormasyon. Bukod dito, marami nang mga aktibista ang inaatake, tinatakot, o pinapatay dahil sa tahasang paninira sa kanila ng kasalukuyang administrasyon. Makakatulong ang mga kabataan, lalo na ang mga aktibista at mamamahayag, sa pagpapaalam at pagtuturo tungkol sa mga pagmamalupit ng gobyerno noon at mga kasalukuyang isyu ng gobyerno na maaaring mauwi sa ibayong karahasan.

Kaugnay nito, nakipagtulungan kami, ang Human Rights Youth Action Network (HRYAN) at ang BALAOD Mindanaw, sa Tabang Sikad, isang boluntaryong organisasyong pangkabataan, upang magdaos ng isang fellowship training para sa mga estudyanteng mamamahayag tungkol sa pamamahayag na may puso, di-mapanakit, at nakabatay sa mga karapatang pantao. Tumagal nang isang buwan ang pagsasanay na ito at may istruktura itong angkop sa demograpiko ng mga batang kalahok. Sa pamamagitan nito,

sinanay namin ang 21 estudyanteng mamamahayag na may edad 15-21 upang patalasin ang kanilang galing sa pagsusulat ng mga istorya o lathalaing may puso, hindi mapanakit o mapanira, at nakabatay sa mga karapatang pantao – isang paglapit na pinangalanan naming “JouHRno.” Nagmula ang mga kalahok sa mga pampubliko at pribadong pamantasan at hinati namin sila sa tatlong pangkat – katarungang pangkasarian, karapatang pantao, at katarungang pangkalikasan.

Upang maunawaan ng mga kalahok ang halaga ng pagsusulat ng mga lathalang nakabatay sa mga karapatang pantao, tinalakay namin kung ano ang katarungang transisyunal at ang kaugnayan nito sa paghadlang sa karahasan. Tinalakay rin namin ang situwasyon sa Mindanao sa lente ng katarungang pangkasarian, karapatang pantao, at katarungang pangkalikasan, at itinuro kung ano ang ambag ng tatlong salik na ito at kung paano sila nagsisilbing maagang palatandaan ng karahasan. Ilang klasikong halimbawa nito ay ang pagpaslang sa mga aktibista sa Mindanao at pagbabanta ng Pangulo na patayin ang mga asawa ng mga rebelde. Tinutukan din namin ang kalagayan ng midya at kalayaan sa pamamahayag sa Pilipinas – bansang tinaguriang isa sa mga pinakamalaya sa Asya ngunit pinakamapanganib din sa buong daigdig para sa mga mamamahayag¹⁵ – upang maunawaan ng mga kalahok kung paano nakakaapekto sa kanila ang kalagayan ng midya at kalayaan sa pamamahayag. Isa rin sa mga mahalagang paksa ng pagsasanay ang tungkol sa papel ng mga mamamahayag, kung saan binigyang-diin kung gaano kalaki ang papel ng mga estudyanteng mamamahayag sa pagsasabi ng katotohanan at pagpapakalat ng kaalaman. Isang mentoring session ang isinagawa namin para sa mga kalahok katuwang ang ilang kilalang eksperto sa midya at talastasan. Bilang bahagi ng kanilang mga layunin, bumuo ang bawat pangkat ng isang newsletter tungkol sa paksang itinalaga sa kanila.

Kasabay ng agresibong paggamit ng teknolohiya at social media at ang pag-usbong ng mga bagong henerasyon ng mga aplikasyon at teknolohiya, mahalagang maipahayag sa mga kabataan ang katotohanan sa daluyang pinakamalimit nilang gamitin, ang social media. Dapat nating lubusin ang paggamit ng social media sa paglaban sa pekeng balita at disimpormasyon. Isulong natin ang adyenda ng pagsasabi ng katotohanan at memoryalisasyon ng mga karahasang naganap sa nakaraan upang pigilan ang mga puwersang pilit na bumabaluktot sa katotohanan at kasaysayan sa panlilinlang nito sa bagong henerasyon ng mga kabataan. Hindi tayo uusad kung hindi natin dadalhin ang mga karanasan at turo ng nakaraan upang pigilan itong maulit. Dapat na tumindig ang mga kabataan ngayon at bukas, dala-dala ang katotohanan at mga turo ng nakaraan. Ipagpatuloy natin ang talakayan, online man o offline.

PAGBIBIGAY-LAKAS SA MGA KABATAAN SA SOCIAL MEDIA BILANG BAGONG PAMPUBLIKONG ESPASYO SA PAGHADLANG SA KARAHASAN: ISANG PAG-AARAL SA INDONESIA

Ni: Manik Marganamahendra

Muling sumigla ang kilusang Black Lives Matter (BLM) noong 2020 matapos ang pagpaslang kay George Floyd, ngunit nagsimula ang mismong kilusan ilang taon pa bago mangyari iyon. Nagsimula bilang hashtag sa Twitter, ang kilusang BLM ang nagsilbing gulugod ng kabuuhan ng kilusang kontra-rasista na may kaparehong pangalan. Ayon kay Russell Rickford (batay sa sipi ni Riley E. Olson), nakatulong sa pagpapasikat ng mensahe ng BLM ang kapasidad ng social media para sa malawakang pagkalat ng mga personal na kuwentong may kinalaman sa usaping ito. Halimbawa ito ng kung paanong “napagbibigkis ng malawakang pag-uugnayan, pagpapalitan, at komunikasyong online ang mga taong may magkakaparehong layunin at kaisipan at nakatutulong sa mga gumagamit ng social media na makakuha,

KONTEKSTO: Indonesia

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Pamumulitika sa mga hinaing, tensyon, at mga krimeng hindi naparusahan sa nakaraan

Malalang korapsyon at pangit na pamamalakad; paghuli sa mga tagapagtanggol na karapatang pantao

makapagpanatili, at makapagpalawak ng mga rekurso at suportang pangkomunidad.”¹⁶ Sa paggamit nito ng social media, pinakikinabangan at ginagawang makabago ng BLM ang tradisyunal na himagsikan, at isa itong magandang halimbawa ng kung gaano kalalim ang ugnayan ang aktibismo at social media.

Sa pagkakataong ito, hindi lang BLM ang nakikinabang sa kapangyarihan ng social media upang paigtingin at palawakin ang sarili nitong impluwensiya. Ang isa pang halimbawa na ipapaliwanag ko nang mas detalyado – dahil nangyari ito sa aking bansa – ay ang nagpapatuloy na kilusang-bayan sa Indonesia. Sa sarili kong karanasan, mas naging inklusibo at aksesible sa masa ang aktibismo, salamat sa social media. Pinadadali nito ang pag-ikot ng diskursong pinapalaganap ng aming kilusan. Ginawang mas demokratiko ng internet ang aktibismo sa paraang nasusunod ng kahit sino ang pag-usad ng kilusan at may kalayaan silang pumiling sumali o hindi. Ayon kina Cortés-Ramos et al, “Pinaugong at pinaigting ng internet ang mga kakayahan ng aktibismo. Dito, nagsisilbing daluyan ang social media para sa mabilis na pagkalat ng impormasyong maaaring may matinding epekto sa opinyon ng publiko.”¹⁷ Ngunit, kung kritikal nating susuriin ang mga bagay-bagay, hindi lang ganoon kasimple ang lahat.

Bilang aktibista, masasabi ko mismo na hindi sapat ang online na kampanya sa ilang mga usapin. Mas madali nang agawin ang atensyon ng publiko ngayon, ngunit dahil din mismo roon, mas maikli na rin ang attention span nila. Maaaring may lumutang na isyu ngayon at makakakuha ito ng malawak na suporta sa internet, ngunit sinong nakakaalam kung papansinin pa rin ito ng mga tao kinabukasan? Magtatagumpay lang ang isang kilusang-bayan kung kaya nitong lagpasan ang hamon ng panahon. Magsasayang lang tayo ng oras at pagod kung hahayaan nating maglaho ang isang kilusan. Kaya naman, kung naniniwala kayo sa mga pinaglalaman ng isang kilusan, kailangan ninyong gumawa ng karagdagang hakbang para rito. Para mapanatili ang tatag ng kilusang inyong sinusuportahan, kailangan niyo ring makilahok sa mga pisikal at pampublikong espasyo.



Dagdag pang suliranin sa mga aktibista ngayon ang paniniktik ng gobyerno at ang mga di-magandang epekto nito. Sa kaso ng mga plataporma ng social media, pag-aari ang mga ito ng mga komersyal na entidad, na nangangahulugang nakapailalim sila sa batas ng bansa kung saan sila may operasyon. Siguro, hindi ito problema para sa mga nakatira sa mga bansang hindi aktibong nakikialam sa pag-ikot ng impormasyon sa internet. Magkakaproblema nga lang kung nakatira kayo sa isang bansang mala-diktadurya kagaya ko. May batas ang Indonesia na nagtatakda kung ano ang maaari at hindi maaaring sabihin sa social media, at tinatawag itong UU ITE (“Undang-Undang Informasi dan Transaksi Elektronik” o sa Filipino: Batas Bilang 11 ng 2008 hinggil sa mga Elektronikong Impormasyon at Transaksyon). Napakalabo ng batas na ito at madali itong abusuhin.

Mga hakbang pangseguridad na dapat isaalang-alang tuwing nakikihalok sa online na aktibismo

Sa programang ito, binuo namin ang mga sumusunod na hakbang pangseguridad upang matiyak ang iyong seguridad habang nakikipag-ugnayan at nagsasagawa ng online na kampanya gamit ang mga personal na account:

- Gumamit ng mga ligtas na messaging application o/at social media - nagbabago ito sa paglipas ng panahon kaya maging updated sa mga nangyayari o magtanong sa mga mapagkakatiwalaang source.
- Paganahin ang 2FA (two-factor authentication) o two-step verification ng iyong account.
- Kung sakaling nakalimutan mo ang iyong password, mas ligtas na gumamit ng isang authenticator application sa halip na magpadala ng one-time password (OTP) sa pamamagitan ng text message.
- Iwasang magsama sa detalye ng iyong account ng anumang personal na impormasyon tulad ng tirahan, mga kamag-anak, atbp.

Para sa karagdagang detalye, tingnan ang pahinang isinulat ng SAFENet na pinamagatang: “Panduan Memilih Aplikasi Percakapan yang Melindungi Privasi” (nakasulat sa Indonesian): <https://id.safenet.or.id/2021/01/panduan-memilih-aplikasi-percakapan-yang-melindungi-privasi/>.

Bukod sa paniniktik, nakikialam din ang gobyerno ng Indonesia sa paghubog sa pampublikong opinyon at sa pagpapatahimik sa mga kritiko nito sa pamamagitan ng mga troll, na kilala sa aming bansa bilang “buzzers.” Ayon kay Ismail Fahmi (Zhacky, 2019), mananaliksik ng social media para sa Drone Emprit Publications at Media Kernels

Indonesia, ang paglitaw ng buzzers ay patunay na hindi matanggap ng gobyerno ng Indonesia ang anumang kritisismo laban dito kaya pilit nitong binabaluktot ang pampublikong opinyon sa social media. Karaniwang gawain ng kasalukuyang gobyerno na labanan ang pampublikong opinyon sa social media sa pamamagitan ng buzzers na nagpapakalat ng mga salungat na argumento. Hindi naman masamang magbanggaan ang dalawang magkaibang pananaw dahil natural itong nangyayari at isa ito sa mga diwa ng demokrasya. Ngunit paano na lang kung ang ganitong bangga ay pawang gawa-gawa lang ng isang panig? Kakaiba mang pakinggan, ngunit sa kasamaang-palad, ganito ang nangyayari sa maganda sanang lupain ng social media sa Indonesia.

Kaya naman, tungkulin nating lahat ang matalinong paggamit ng social media, at kabilang na kaming mga taga-Indonesia doon. Maaari nating salain ang lumalabas sa social media natin upang umangkop sa gusto nating makita, maaari nating palawakin ang ating kaalaman, o maaari tayong sumuporta sa isang kilusan, ngunit maaari rin tayong mapadpad sa gubat ng kasinungalingan kung saan ang tama o mali ay hindi puti o itim kundi gray, at dito, may papel ang pagkakaroon ng kapangyarihan. Maaari tayong makulong, totoo man o hindi ang ating sinasabi, ngunit hindi dapat tayo panghinaan ng loob anuman ang mangyari. Dapat maging madiskarte at maingat tayo kung nais nating manatili sa larong ito. At dahil diyan, bumuo ang aking organisasyon, ang *Tata Muda*, ng isang programang magbibigay sa inyo ng impormasyon kung paano ninyo maaaring iwasan ang anumang panganib sa tuwing gagamit kayo ng social media para sa aktibismo.

Noong Setyembre 2021, nagdaos kami ng workshop na pinangalanang *Buwan ng Kabataan para sa Katotohanan*. Ang pangunahing paksa ng programang ito ay ang paghadlang sa karahasan para sa mga kabataan sa social media. Tumagal nang isang buwan ang programang ito, kung saan sinanay namin ang piling mga indibiduwal na may interes at karanasan sa karapatang pantao, partikular na sa konteksto ng paglabag sa karapatang pantao sa kasaysayan ng Indonesia. Bukod sa workshop, nagsagawa rin kami ng mga online na kampanya sa iba’t ibang daluyan sa porma ng mga video, infographic, at mga lathala tungkol sa mga paglabag sa karapatang pantao sa Indonesia. Ang usaping inilabas namin ay napakasensitibo sa Indonesia dahil patuloy pa ring nanunungkulan sa gobyerno ang mga sangkot dito.

Kumpidensyal naming idinaos ang programa upang protektahan ang pribadong impormasyon ng aming mga kalahok. Hindi natatapos sa paghadlang sa karahasan ang mga paksang tinalakay namin sa workshop: pinag-



usapan din namin ang paksa ng katarungang transisyunal, sinuri ang mga kaugaliang teknikal sa paglulunsad ng mga kampanya sa social media, at tinalakay ang konsepto ng may-kaalamang pahintulot (o “informed consent”). Pagkatapos nito, naglunsad ang bawat kalahok ng kampanya sa social media hinggil sa isang partikular na paglabag sa karapatang pantao sa Indonesia. Ilan sa mga halimbawa ay ang masaker noong 1965, ang biglang pagkawala ng mga aktibistang maka-demokrasya at makakalikasan, at iba pang lokal na paglabag sa karapatang pantao. Kaugnay nito, maingat kaming bumuo ng nilalamang mas “madali” para sa mga taong lunukin at tanggapin, at hinati namin sila para sa dalawang daluyan: Instagram para sa nilalamang biswal at Medium naman para sa mga nilalamang pasulat. Maaari ninyong bisitahin at tingnan ang aming mga inilathala sa aming kampanya sa: <https://medium.com/tatamuda/sekolahkebenaran/home> at pati sa <https://www.instagram.com/tata.muda/?hl=en>

Salamat sa programang ito, natutunan kong napakahalaga nga ng papel ng kabataan sa pagpigil sa mga paglabag sa karapatang pantao sa pamamagitan ng social media. Dala-dala ang kritikal na pag-iisip at kagustuhang lumaban, susi ang mga kabataan sa pagpapasigla ng mga kilusan at pag-aangat ng kamalayan ng lipunan ukol sa mga suliranin sa karapatang pantao.

Mula sa *Buwan ng Kabataan para sa Katotohanan*, natutunan namin ang ilang susing aralin hinggil sa pagpigil sa panganib sa paggamit ng social media. Narito ang ilang mahahalagang punto:

1. Tiyakin na ang bawat event at kampanya ay may digital na planong pangseguridad kung sakaling puntiryahin o ma-harass ang mga indibiduwal na nangunguna sa kampanya.
2. Laging ituon ang pansin sa mga kabataan at palakasin ang kanilang tinig sa mga isyu ng karapatang pantao at katarungang transisyunal.
3. Makisimpatiya sa mga biktima at mga nakaligtas at makiisa sa kanilang paghahanap ng katarungan.
4. Gumamit ng mga malikhaing pamamaraan upang isalaysay ang mga kuwento ng paglabag sa karapatang pantao sa nakaraan, dahil angkop na angkop ang ganitong paraan para sa mga kabataan ngayon sa social media.
5. Makipagtulungan sa mga kabataan at mga kilusang panlipunan, at sa mga taong maaaring magbigay ng tulong-legal, sa mga lugar at larangang napapabayaang ng gobyerno.



ANG PAPEL NG MGA ALAALA AT PAGGUNITA

Ni: Gbadé Teloh Amandine Macoura

Sa isang bansang may kasaysayan ng tunggalian at awtoritarismo gaya na lang ng Ivory Coast, ang mga alaala at memoryalisasyon ay mga bagay na hindi maaaring mawala sa mga matagalang istrategiya para sa paghadlang sa karagdagang karahasan. Ang memoryalisasyon at pangangasiwa sa alaala ay mahalaga sa pagtuturo sa mga mamamayan tungkol sa pinagmulan ng mga krimen at sa kung bakit kailangan nilang gamitin ang kanilang kolektibong konsensiya upang tiyaking hindi na mauulit ang mga ito. Sa kontekstong ito, ang paggunita sa alaala ng masakit na nakaraan ay nangangailangan ng pagbubuklod ng iba't ibang grupo batay sa kanilang pinagsamahang kasaysayan, iisang inklusibong pagkakakilanlan, at pinagkaisahang kolektibong alaala. Sa larangan ng katarungang transisyunal, ang mga alaala at memoryalisasyong kaakibat nito ay mga mahahalagang sangkap sa pagbubuo ng malakas, matatag, at makataong lipunang walang karahasan, kung saan maaaring maglunsad ang mga mamamayan ng tradisyunal at institusyonal na pakikipag-diyalogo sa pagitan ng iba't ibang henerasyon para sa mapayapang paglutas sa anumang sigalot.

Tahasang kinikilala ng Saligang Batas ng African Union ang papel ng kabataang aprikano sa pagbubuo ng pagkakaisa, at ginawang prayoridad sa istrategikong plano ng 2004-2007 ng Komisyon ng African Union ang pagpapaunlad at pagbibigay-lakas sa mga kabataan. Pinagtibay ng *African Youth Charter*, na siyang itinatag ng Kumperensya ng mga Pinuno ng Estado at Pamahalaan sa Banjul, Gambia noong 2006, ang pagkilala sa papel ng kabataan sa pagpapaunlad sa Africa, sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang

KONTEKSTO: Ivory Coast

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Rekord at kasaysayan ng mga paglabag sa karapatang pantao

pangkalahatang balangkas na may mga mungkahi hinggil sa papel at ambag ng mga kabataan sa kapayapaan at seguridad. Napakahalaga ng hakbang na ito dahil karaniwan silang pinagsasamantalahan sa panahon ng krisis at ginagawang alagad ng karahasang ibang tao naman ang pasimuno. Sa panahon ng sigalot, madalas na ginagamit at minamanipula ng mga pulitiko at nasa kapangyarihan ang mga kabataan. Lumalabas tuloy na sila ang parehong maysala at biktima ng krisis na kinahaharap ng kanilang mga bansa. Gayunman, isinasantabi naman sila kapag nasa kasagsagan na ng proseso ng muling pagkakasundo at pagbubuo ng kapayapaan.

Sa kaso ng aking bansa, ang Ivory Coast, ang karahasang naganap matapos ang halalan noong 2010 at 2011 ay bunga ng deka-dekadang pampulitika at pang-etnikong tunggalian. Sa panahong iyon, higit sa 3,000 katao ang namatay dahil sa sagupaan ng mga ahente ng estado at mga grupong rebelde at milisya. Kaagad matapos ang krisis na ito, inilunsad ng gobyernong Ivorian ang proseso ng katarungang transisyunal na ginabayan ng iba't ibang institusyon tulad ng Kumite sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo (CDVR) na may misyong pangasiwaan ang proseso ng paghahanap ng katotohanan tungkol sa mga nagdaang krisis, pati na rin ang Pambansang Komisyon para sa Muling Pagkakasundo at Kompensasyon para sa mga Biktima (CONARIV), na may layuning tumukoy at magpanukala ng karampatang kabayaran para sa mga biktima. Bagama't sinimulan ang proseso ng katarungang transisyunal sa Ivory Coast upang maghatid ng ginhawa sa mga biktima, dapat nating kilalanin na may malaki pa ring pagkakaiba sa pagitan ng kung anong inaasahan ng mga biktima at kung paano ang aktuwal na pagpapatupad ng naturang proseso.

Sa kontekstong ito, isinulong namin sa *Réseau Action Justice et Paix* ang paggamit ng mga alaala at memoryalisasyon bilang porma ng komunal at simbolikong kabayaran sa mga biktima at paraan ng pagtiyak na hindi na mauulit ang anumang krisis. Layunin ng aming proyektong *Pagtataguyod ng mga Inisyatibo ng Pag-alaala at ng Pakikibaka laban sa Disinpormasyon sa Midya, Isang Salik ng Kapayapaan at Paghadlang sa Sigalot sa Ivory Coast* ang gumawa ng isang online memorial upang ituro sa kabataang Ivorian ang kasaysayan ng Ivory Coast at paanyayaan silang matutunan ang mga turo ng kasaysayang ito upang pigilan ang pagkaulit ng malawakang karahasan. Gumawa kami ng



plataforma sa Facebook para hayaan silang mag-usap-usap, at isang website naman para sa paglalabas ng mga artikulo, ulat, at mga dokumentong may kinalaman sa mga proseso ng katarungang transisyunal na isinasagawa sa bansa, na may pangkalahatang layuning padaliin ang muling pagkakasundo at pigilan ang karagdagang sigalot.


May halaga ang mga alaala at ang memorialisasyong kaakibat nito bilang mga sangkap sa pagbubuo ng isang pinagsamahang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paggunita sa isang makasaysayang pangyayaring nag-iwan ng marka sa mga mamamayan mula sa isang lungsod, bansa, kontinente, o sa mga inaaping hanay ng mga mamamayan. Dapat na binabagay ang mga diskarte ng memorialisasyon ayon sa konteksto at sa mga taong makikinabang dito. Sa mga lugar na dumaan sa sigalot, mabusisi dapat itong ginagawa. Kung bibigyan natin ng pansin ang mga naging palatandaan ng karahasan sa Ivory Coast, mahihinuha nating higit pa sa kinakailangang magkaroon ng interes ang mismong Estado at ang mga mamamayan sa pagsusulong ng alaala bilang porma ng paghadlang sa karahasan sa bansa. Sa mga pag-aaral na isinagawa ng mga naunang proyekto, natuklasang walang kaalam-alam ang mga kabataang Ivorian tungkol sa mga pasikut-sikot ng proseso ng katarungang transisyunal at, sa kasamaang-palad, walang institusyon ng Estado ang nangangasiwa sa pagtuturo nito sa kanila. Bunga nito, paulit-ulit na nasasangkot ang mga kabataan sa karahasan dahil sa pagmamaniplula sa kanila ng mga nasa kapangyarihan sa Ivory Coast. Upang lutasin ang problemang ito, nakipagtipon kami sa mga mag-aaral ng kasaysayan sa mga pamantasan upang higit na ipaunawa sa kanila ang masakit na kasaysayan ng bansa at ang konsepto ng memorialisasyon, saka namin sila hinikayat na maging mga tagatiyak at tagapagtaguyod ng kapayapaang Ivorian. Sa pinakaunang pagtitipon, lumabas na walang alam ang 90% ng mga kalahok tungkol sa katarungang transisyunal sa Ivory Coast ngunit interesadong matuto pa lalo, sa tulong ng pananaliksik, upang makatulong sila sa pagpapatuloy sa mga tagumpay na nakamit sa prosesong ito. Ginamit din namin ang mga pagtitipong ito upang himukin ang mga kalahok na magsulat ng mga lathalaing pangkasaysayan nang walang kinikilingan at ibahagi ang mga pinagmulan ng kanilang impormasyon upang maiwasan ang pagpapakalat ng disimpormasyon sa masa.

Kasunod ng aming pakikialam, nagsulat ang mga mag-aaral ng mga lathalain bilang bahagi ng *Ivorian Memory Project*; hinikayat din namin silang ibuod ang kanilang mga isinulat. Pagkatapos, nakipagpulong kami sa Pambansang Sanggunian ng mga Karapatang Pantao at sa Ministeryo ng Muling Pagkakasundo at Pambansang Pagkakaisa at ibinahagi ang proyekto bilang ito ay may kinalaman sa mga proseso ng katarungang transisyunal at memoyalisasyon. Binigyang-pansin sa mga pagpupulong na ito na bagama't nagsimula ang mga krisis sa panahong nakamit ng Ivory Coast ang kasarlan nito, ang dekada ng 1990 lang ang sakop ng proseso ng katarungang transisyunal, kaya naman limitado ang kakayahan nilang harapin ang kabuuhan ng nakaraan ng bansa. Wala ring anumang arkibo sa Ivory Coast na sumusubaybay sa mga nangyaring karahasan, kumikilala sa mga biktima, at umuunawa sa lawak ng pinsala ng naturang mga karanasan.

Bukod pa diyan, dahil sa kinahiligang “polisiya ng paglimot” ng ilang mga institusyon sa Ivory Coast upang iwasang muling mabuksan ang mga sugat na dala ng mga biktima, may panganib itong dulot sa mga aktibista, kaya naman kailangan din nila ng dobleng pag-iingat upang maprotektahan ang kanilang mga sarili at pati na rin ang mga kilusang panlipunang naghahangad na isabuhay ang ganitong gawain ng memorialisasyon bilang paraan ng pagsusulong ng muling pagkakasundo at paghadlang sa karahasan.

Bilang bahagi rin ng proyekto, nag-organisa rin kami ng dalawang programa sa radyo sa himpilang Yopougon Amitié upang talakayin ang mga mahahalagang yugto sa kasaysayan ng Ivory Coast. Napili namin ang lokasyon ng mga naturang programa dahil isa itong bayan sa Abidjan na nakasaksi sa malawakang pakikisangkot ng mga kabataan sa karahasang idinulot ng mga krisis na yumanig sa bansa. Hangad naming gisingin ang kamalayan ng mga kabataan dito tungkol sa kasaysayan ng bansa at sa kanilang papel sa pagbubuo ng mga sangkap para sa kapayapaan at pagpigil sa sigalot. At panghuli, lumikha rin kami ng mga video tungkol sa mga usaping pangkasaysayan tulad ng panahong kolonyal, kudeta noong 1999, at ng krisis sa pulitika at militar noong 2002, at ipinakalat namin ang mga video na ito sa Facebook at sa aming online memorial. Bilang bahagi ng pag-aaral na ito, nagkaroon din kami ng pagkakataong ibahagi ang mga salaysay at testimonya ng mga biktima ng mga nasabing krisis at pati na rin ng mga sibilyang katuwang sa pagbubuo ng *online memorial*. Mapapanood sa internet ang mga video ng sinumang nais matuto tungkol sa kasaysayan ng Ivory Coast.

Bagama't ipinakita ng aming proyekto na masyado pang watak-watak ang Ivory Coast upang maglunsad ng isang memorial na katanggap-tanggap para sa lahat at magbubunga ng isang mapayapang proseso ng muling pagkakasundo, isa itong mahalagang hakbang para sa pagkamit ng tunay at matagalang kapayapaan sa bansa. Kailangan ng Ivory Coast ang tulong ng mga pandaigdigang eksperto upang simulan ang prosesong ito. Dapat na manguna rin ang mga kabataan sa pagsulong sa proseso ng paglikha ng mga alaala at memorialisasyon sa kasaysayan ng bansa. Mahalaga ang kanilang ambag



kaya dapat malaya nila itong maisagawa nang walang panggugulo, sa pamamagitan ng mapayapang pakikipagdiyalogo sa mga kinauukulan. Minsan, nawawalan ng tiwala ang mga kabataan sa mga institusyong namamahala sa bansa matapos ang malubhang krisis na hindi natugunan nang maayos. Sa ganitong sitwasyon, kritikal ang papel ng mga kabataan, bilang mga tagapamandila ng kapayapaan, sa pakikipagpulong sa iba't ibang sektor ng lipunan. Sa paraang ito, muli nilang mabubuo ang tiwala ng iba't ibang sektor ng lipunan sa isa't isa bago nila sama-samang planuhin ang mga batayan ng kolektibong alaala at mga saligan ng isang inisyatiba ng memoryalisasyon na magpapagaan sa pagdurusa ng mga biktima o mga apektadong grupo.

Tungkulin ng pamahalaan, sa pamamagitan ng mga institusyon nito, na tiyakin ang kapayapaan at kaligtasan ng sambayanan. Ang papel ng mga proseso ng katarungang transisyunal ay ang paghahanap ng naaangkop na istratehiya para sa mahusay na pagharap sa mga sigalot sa anumang konteksto. Dapat na siyasin ng mga estado ang lawak ng kanilang pambansang mekanismo sa pagharap sa sigalot at iangkop ito sa mga pangangailangan ng bawat konteksto. Ipinakikita ng mga bansang tulad ng Rwanda at Colombia na matagumpay nilang napipigilan ang komunal na karahasan at pagmamalupit sa pamamagitan ng pagbuo ng mga inisyatiba ng pag-alala at memoryalisasyon. Panahon na para sa mga bansang tikom pa rin ang bibig para pagkasunduin ang kanilang mga mamamayan tungkol sa tunay na kasaysayan ng kanilang bansa at sa mga turong natutunan nila mula sa mga krisis na kanilang hinarap. Ang mga turong ito ay maipapasa sa mga susunod na henerasyon at bubuo sa mga sandigan ng isang solido at nagkakaisang lipunan. Pinatunayan na ng kasaysayan na ang mga pinakamauunlad na bansa sa daigdig ay binuo mula sa mga haligi ng memoryalisasyon, paggunita, at pagtataguyod ng kasaysayang pinagpasa-pasahan mula sa isang henerasyon sa isa pa.



MGA ISTRATEHIYA NG GAWAING-ADBOKASIYA AT AKTIBISMO NG KABATAAN TUNGO SA PAGBABAGO

Ni: Wazi Marie-Flore Begou

Patuloy sa paglaki ang mga hamong kinakaharap ng aming mga komunidad, at mayroon itong grabeng epekto sa aming populasyon, lalo na sa mga kababaihan at kabataan. Ang mga mararahas na tunggalian, mga pagmamalupit, at mga banta ng terorismo ay mga salot, at sa gitna ng mga salot na ito, isang pangangailangan ang mga istrukturang magbibigay ng tulong-pisikal, sikolohikal, at pinansyal sa mga biktima.

Maituturing na regalo ang pakikilahok ng mga kabataan sa paghadlang sa karahasan kung iisipin nating malaki silang bahagi ng populasyon ng Africa lalo na sa bahaging timog ng Sahara. Nasa 70 porsyento ng populasyon ang mas bata sa edad 30, at kalahati ng populasyon ay magiging mas bata pa sa edad 25 pagsapit ng taong 2050, ayon sa edisyon ng Africa Magazine noong Abril 2021.¹⁸

Kinakatawan ng mga kabataan ang isang masigla at di-natitinag na puwersa para sa pagbabagong panlipunan. Gayunman, sa mga rehiyon sa timog ng Sahara, ginagamit din ang parehong puwersang ito para sa destabilisasyon. Sa Africa, karaniwang nasa iisang uring panlipunan lang ang kapangyarihang gumawa ng desisyon sa pamahalaan, tulad ng mga lokal na pinuno at kinauukulan. Sa ganitong proseso ng pagdedesisyon,

KONTEKSTO: Ivory Coast

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Rekord at kasaysayan ng mga paglabag sa karapatang pantao



isinasantabi nila ang mga pangangailangan at hinaing ng mga kababaihan at kabataan. At dahil sa ganitong kaugalian, hindi natutugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayang ito, na siyang nag-uudyok ng hidwaan sa pagitan ng mga mamamayan mula sa iba't ibang henerasyon.

Upang labanan ang ganitong pagsasantabi, maaaring magsagawa ng adbokasiya ang sinuman, mag-isa man siya o katuwang ang iba pa. Ang layunin ng kabanatang ito ay ibahagi ang trabahong aking isinagawa sa pamamagitan ng programang *Pagtutuon sa mga Tinig ng mga Kabataang Aktibista sa Paghadlang sa Karanasan* ng Global Initiative for Justice, Truth & Reconciliation bilang paglalarawan sa gawaing-adbokasiya bilang isang mabisang paraan para sa mga kabataang nagnanais na magsalita sa isang konstruktibo at mapayapang paraan upang tiyakin

ang katiwasayan at kaligtasan ng kanilang mga komunidad.

Sa aking pagkilos kasama ang mga kababaihan ng Ivory Coast, gumagamit kami ng mga istratohiyang sumasaklaw sa kanilang pangangailangan sa mga mekanismo ng paglutas at pamamahala sa sigalot. Sa konteksto ng aming adbokasiya sa Ivory Coast, napansin din namin ang patuloy na paghina ng seguridad sa rehiyon, na siyang makikita sa porma ng sigalot sa pagitan ng mga komunidad. Karaniwang biktima ng panggagahasa at karahasan ang mga kababaihan. Ang ilan sa kanila, hindi na magawang magtungo sa kabukiran dahil sa ganitong panganib at nawawalan na ng kabuhayan. Dagdag-pahirap din sa kanila ang takot na iulat sa kinauukulan ang kanilang pinagdaaan, na dahilan upang hindi ito matugunan sa mga istratohiya ng lokal na pamahalaan. Lubos na patriyarkal ang mga komunidad sa Ivory Coast, kaya hindi magiging madali ang pagkilala sa lugar ng kababaihan sa mga proseso ng paggawa ng desisyon.

Upang matiyak naming pinakikinggan ang mga kababaihan at natutugunan ang kanilang mga pangangailangan, nagsanay kami ng mga kababaihan at kabataan tungkol sa pakikipag-diyalogong pangkomunidad para tukuyin ang mga problema sa kanilang komunidad at lutasin ang mga ito. Nakipagtipon din kami sa mga kinauukulan at mga nasa kapangyarihan upang ipabatid sa kanila ang mga pangangailangang natukoy namin sa pakikipag-diyalogong aming isinagawa. Sa paraang ito, ipinapakita namin ang kakayahan ng mga kababaihan at kabataang tugunan ang mga problema ng kanilang komunidad sa pamamagitan ng sabay na pakikipagpulong sa mga opisyal at paglubog

sa kanilang komunidad. Sa konteksto ng aming adbokasiya, pinaghusay namin ang kakayahan ng mga kababaihan sa pamumuno at paglahok sa pampublikong pamumuhay. Pagkatapos, sinamahan din namin sila sa mga lokal na kinauukulan at pati na sa mga pambansa at pandaigdigang institusyon upang maipabatid nila mismo ang kanilang pagnanais na maging bahagi sa mga mekanismo ng paglutas sa mga sigalot. Dahil sa ganitong mga pagkilos, mas pinakikinggan na ang mga kababaihan at mas natutugunan na rin ang kanilang mga pangangailangan.

Isa lang ang gawaing-adbokasiya sa maraming paraang ginagamit ng mga aktibista at organisasyon sa lipunang sibil upang himukin ang mga tagapagdesisyong kumilos upang baguhin ang isang sitwasyon. Ang adbokasiya ay isang serye ng mga gawaing naglalayong baguhin ang mga polisiya, batas, posisyon, o kaugaliang lumalabag sa karapatan at kapakanan ng sambayanan. Saklaw nito ang pagdidirekta ng aksyon sa mga tagapagdesisyon, mga nasa kapangyarihan, o sa mga tagapag-impluwensiya.

May iba't ibang paraan upang impluwensiyahan ang mga tagapagdesisyon at mga nasa kapangyarihan, at pangunahin na diyan ang mga orihinal na istratohiya ng pagpapakilos sa publiko o ang nakasanayang istratohiya ng "behind the scenes" na pagpataw ng presyur. Sa konteksto kung saan minority ang tinig ng kabataan sa proseso ng paggawa ng desisyon, binibigyan tayo ng adbokasiya ng pagkakataong maimpluwensiyahan ang mga patakaran at hikayatin ang mga tagapagdesisyong pakinggan at pansinin ang ating mga mithiin.

Dapat gamitin ng ating mga kabataan ang adbokasiya bilang di-maiiwasang sangkap upang baguhin ang pamamalakad sa pamahalaan at tiyakin na makakamit ng mga kabataan at kababaihan ang espasyong kinakailangan nila para sa pantay na pagtugon sa kanilang mga pangangailangan. Sa mga natitirang bahagi ng kabanatang ito, ilalahad ko ang mga mungkahi at hakbang na napatunayan kong mabisa sa paglulunsad ng kampanyang pang-adbokasiya.

Ano ang problema?

Upang lutasin ang isang problema, mahalaga munang maunawaan ninyo ang iba't ibang mga anyo nito. Nangangailangan ito ng pagsisiyasat sa mga ugat ng problema at kung anu-ano ang mga epekto ng problemang ito sa mga biktima o ang iba't ibang sektor ng populasyon na may kinalaman dito.



Sa kabuuan, saklaw ng isang kampanyang pang-advokasiya ang isang komprehensibong istrategiya ng pagkilos tulad ng mga pagtitipon, paglalabas ng mga pahayag, at paggamit ng midya at ng social media. Nakadepende ang tagumpay ng isang kampanya sa mga namumuno nito. Mahalagang isagawa ang mga kampanya katuwang ang mga nabiktima o naapektuhan ng mga isyu, kung saan hinahayaan natin silang ibahagi sa iba ang kanilang sariling mga pangangailangan at magpanukala ng mga angkop at matagalang solusyon.

Paano bumuo ng isang kampanyang pang-advokasiya

May ispesipikong metodolohiya ang isang advokasiya:




Figura 1: Ang siklo ng gawaing-advokasiya

Upang magtagumpay ang iyong kampanya, mahalagang tanungin ang iyong sarili tungkol sa mga sumusunod:

- Ano ang problema?
- Paano ko dapat isagawa ang kampanyang pang-advokasiyang ito?
- Sino ang mga tutulong at makikinabang sa kampanyang ito?

Una, kailangan ninyong tukuyin ang mga kalahok na grupo para sa kampanyang nais ninyong ilunsad. Mayroong mga nagsasagawa ng pagkilos, at mayroon ding

mga nakikinabang sa pagkilos. Sa pamumuno ng kampanya, mahalagang alam at nauunawaan ninyo ang inyong posisyon kaugnay ng mga isyung tinutugunan ninyo. Pangalawa, tukuyin ang mga layunin niyong maabot sa kampanyang ito, na maaaring hatiin sa tatlong pangkat: 1) mga pressure group, 2) mga tagapag-impluwensiya, at 3) mga tagapagdesisyon.

Ang mga pressure group ay iyong may kapangyarihan sa mga tagapagdesisyon gamit ang pagpataw ng mga parusa (sanction) o pagkakait ng kahit anong kailangan ng mga naturang tapagdesisyon. Ang mga halimbawa nito ay mga misyong diplomatiko, pandaigdigang organisasyon, o mga rehiyunal na mekanismo.

Ang mga tagapag-impluwensiya ay iyong may kakayahang magpaugong at magpakalat ng mensahe tungkol sa anumang isyu, na siyang nagbibigay sa kanila ng kakayahang magpataw ng presyur. Halimbawa nito ay mga kilusang pangkababaihan, pangkabataan, panrelihiyon, atbp.

Panghuli, ang mga tagapagdesisyon ay iyong may kapangyarihang baguhin ang takbo ng isang bansa sa pamamagitan ng mga pormal na istrakturang pang-estado, pagpapasa ng mga batas, kautusan, o mga reporma sa mga institusyon tungo sa mga pagbabagong inaasahan.

Kapag natukoy niyo na kung sinu-sino ang mga benepisyaryo ng advokasiyang ito, kailangan niyo namang alamin ngayon kung paano ninyo balak palakasin ang inyong mensahe. Ngayon, mahalagang sangkap na rin ang mga digital na daluyan upang mapagtagumpayan ang pagtutulak ng anumang polisiya. Ilan lang ang WhatsApp, Facebook, at Twitter sa mga plataporma sa social media na sinusundan ng mga kabataan, at pati na rin ng mga kinauukulan, tagapag-impluwensiya, at mga tagapagdesisyon. Hindi kailangang gumastos nang malaki ng mga kabataan para makagamit ng mga platapormang ito. Dapat kabilang sa inyong istrategiya sa social media ang pag-tag sa lahat ng mga kinauukulan o indibiduwal na maaaring magdala ng mabuting ambag sa laban ninyo. Sa ganitong paraan, maaari niyo rin silang i-presyur na umaksyon.

Sa aming mga istrategiya sa pagkilos, ginamit namin ang social media upang pilitin ang mga kinauukulang pansinin ang panawagang isama ang mga kababaihan at kabataan sa mga lokal na mekanismo para sa paghadlang sa karasahan. Gumawa kami ng isang hashtag (#StopAtrocité). Dahil sa mga mensaheng ipinakalat namin, nagsimula nang magkaroon ng mga talakayan, online man o sa mga komunidad sa Ivory Coast, at naramdaman ng mga kababaihan at mga komunidad na pinahahalagahan sila dahil sa layo ng narating ng mga mensahe namin, na umabot din pati sa labas ng kanilang mga komunidad. Nagsimula na ring pansinin ng mga kinauukulan ang hinaing ng mga kababaihan at kabataan. Nasaksihan namin ang mga kongkretong resulta nito: nagsimulang makipag-tulungan ang ilang mga lokalidad sa mga kababaihan at kabataan

para sa pagpigil ng mga sigalot. Gayunman, hindi naging madali ang paglunsad ng adbokasiyang ito. Hindi pa rin kasi maunawaan ng mga tradisyunal na pinuno kung bakit dapat nilang isali ang mga kababaihan sa lokal na pamamalakad, na siyang eksklusibong hawak ng mga kalalalahan mula pa noon. May mga kababaihan pa ring nananatiling tikom ang bibig tungkol sa paglahok sa pampublikong pamumuhay.

Nasa istrategikong posisyon ang mga kabataan at kababaihan sa pagpapaunlad sa mga bansa at sa paghadlang sa karahasan. Nauunawaan kasi nila ang mga bagong pagsubok na kinahaharap ng ating daigdig. Dahil sa kanilang potensyal bilang mga kabataan at kababaihan, kaya rin nilang bumuo ng mas matiwasay na daidig batay sa mga turo ng nakaraan, pati na rin sa mga makabagong ideya ng kasalukuyan.

Batay rito, iminumungkahi ko ang mga sumusunod sa mga kapwa ko kabataang naglulunsad din ng mga kampanya:

- Linangin ang kakayahan ng mga kabataan at kababaihan sa gawaing-adbokasiya
- Bigyang-pryoridad ang mga inisyatibang may kinalaman sa mga kababaihan at kabataan
- Itaguyod ang gawaing-adbokasiya bilang porma ng mapayapang pagpapahayag
- Paghusayin ang kakayahan ng mga kabataan at kababaihan sa paggamit ng kagamitang digital para sa gawaing-adbokasiya

Nakasandig ang gawaing-adbokasiya sa tibay ng mga argumento at sa lakas ng mga ideya. Dala-dala rin nito ang mga diwa ng paggalang, respeto sa isa't isa, pakikinig, at pagpapakumbaba. Dahil sa paglulunsad ng mga kabataan ng adbokasiya, magiging mas kapansin-pansin na ang mga kabataang gumagamit ng pakikipag-diyalogo bilang sangkap para sa pagbabago at sa pangunguna sa konstruktibong paghahanap ng mga matagalan at inklusibong solusyon. Ginawa na namin ang aming unang hakbang, ngunit nais pa rin naming paigtingin pa lalo ang aming adbokasiya tungo sa antas na sapat upang pigilan ang pang-aapi sa kababaihan at hadlangan ang anumang karahasan.



MGA TINIG LABAN SA KARAHASAN: ISANG PEMINISTANG PAG-UNAWA UKOL SA KARAHASAN SA AFGHANISTAN

Ni: Spouzhmai Akberzai

Noong Agosto 2021, naagaw ng Taliban ang lungsod ng Kabul bunga ng pakikipagdigma nito sa Republikang Islamiko ng Afghanistan sa pamamagitan ng mga madudugong paraan tulad ng pambobomba, sabayang pagpapatiwakal at pag-atake, hukumang-militar, at iba pang kahindik-hindik na porma ng karahasan. Bunga nito, naglaho ang 20 taon (2001-2021) ng pinaghirapang tagumpay ng mga kababaihan sa kanilang mga kalayaang sibil, batayang karapatan sa edukasyon, karapatan sa pantay na oportunidad, mga karapatang pampolitika, karapatan at kalayaan sa pagpapahayag, at mga oportunidad sa ibayong pagpapakadalubhasa. Sa kawalan ng kagustuhang pampolitika at ng mga nagsasariling pandaigdigang organisasyon, pumapasok dito ang papel ng mga di-opisyal na inisyatiba ng paghahanap ng katotohanan para sa paglalatag ng pundasyon para sa malawak na hanay ng mga diskurso ukol sa

KONTEKSTO: Afghanistan

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Aktibong armadong tunggalian

Krisis pampolitikang dulot ng agawan ng kapangyarihan at ng mga armado o radikal na kilusang oposisyon

Kakayahang magrekluta o manghikayat ng malaking bilang ng populasyon at pagkakaroon ng mga paraan upang pakilusin sila



katarungang pangkasarian. Upang hadlangan ang ibayong karahasan sa hinaharap, mahalaga ang paggamit ng peministang pag-unawa sa karahasan para sa pagdodokumento sa mga nakaraan at kasalukuyang pang-aabuso sa mga karapantang pantao at para sa pagpapalakas ng mga tinig na tumutunggali sa mga karahasang nagaganap sa bansa.

Dahil palaging binibigyan ng prayoridad ang pananaw ng mga kalalakihan, halos eksklusibong panlalaki ang larangan ng araling panseguridad sa mga bansang sumasailalim sa

proseso ng demokratisasyon. Sa Afghanistan, hinaharang ng sektor na ito ang anumang makabuluhang pakikilahok ng kababaihan sa diskurso ng kapayapaan at seguridad. Dala ang layuning magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa tindi ng karahasan at pambibiktima sa mga kababaihan, itinuon ko ang aking gawa sa peministang paglapit sa pagsasalaysay at pagsalarawan ng karahasan at ng malupit na karanasan ng mga kababaihan sa ilalim ng terorismo.


Aktibo noong nagsasagawa ng negosasyong pangkapayapaan ang dating gobyerno ng Afghanistan hanggang sa biglang lumagda ng kasunduang pangkapayapaan ang Estados Unidos at Taliban noong 2020, dahilan upang tuluyang mabalewala ang gobyernong Afghan. Sinimulan ng Taliban ang kampanya ng pagpaslang sa mga Afghan at paghahasik ng lagim sa Afghanistan. Sinadya nito ang mga pag-atake sa mga pamantasan, paaralan, at mga pagamutan upang sirain ang seguridad sa buong bansa. Ang pagputok ng karahasan ay kaakibat ng krisis sa seguridad na dulot ng pagtalikod nito sa kasunduang pangkapayapaan at ng pampulitikang krisis na bunga nito.

Bumagsak na ang Afghanistan sa kamay ng mga teroristang grupo. Dati, nakikilahok ang mga kababaihan sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay, ngunit inalis na sila ngayon. Pinagbawalan ang mga babaeng pumasok sa paaralang sekundarya sa buong bansa;

itinigil ang panlipunan, pampulitika, at pang-ekonomiyang pakikilahok ng mga kababaihan; at pinanghihinaan na ng loob ang mga babaeng aktibista, mamamahayag, at pinuno. Nagtatago sila at natatakot dahil baka sila na ang susunod na patayin. Bunga ng mahinang istruktura ng estado at ng paglago ng karahasan at mga armadong grupo, pumutok ang krisis sa seguridad at malawakang karahasan sa buong bansa, lalo na laban sa mga babaeng aktibista. Bilang paraan ng pagbabahagi ng katotohanan para sa pagkamit ng katarungang transisyunal sa hinaharap, ibinubunyag ng aking gawa ang mga stratehiya ng mga teroristang grupo sa pagpapatahimik o pagpatay nito sa mga bulnerableng kababaihang gumagamit ng social media at bahagi rin ng diyasporang Afghan. Sa social media naman, pinalalakas din ng mga babaeng aktibista ang kanilang tinig upang ipahayag ang kanilang pag-aalala sa mga pang-aabuso sa mga kababaihan sa kamay ng Taliban, partikular na sa pamamagitan ng pagsasalita nila tungkol sa sarili nilang mapapait na karanasan noon at ngayon. Sa proyektong ito, ginamit ko ang social media bilang instrumento upang ipalaganap sa buong daigdig ang mga mensahe ng mga kababaihang Afghan tungkol sa kanilang kalagayan sa loob ng mapang-aping rehimeng ito.

Sa pamamagitan ng [mga panayam at mga testimonya sa video](#) kasama ang mga kababaihang Afghan, hangad kong patatagin at ilatag ang mga saligan ng katarungang transisyunal, pananagutan, at gawaing-adbokasiya. Isa sa mga tinutukan ng kampanya ko ang kawalan ng pandaigdigang kamalayan tungkol sa kalagayan ng mga bata at matatandang babae sa Afghanistan. Noong ika-26 ng Disyembre 2021, na itinalagang pandaigdigang araw ng Pagsugpo ng Karahasan laban sa mga Kababaihan, hinakayat ko ang dalawang artistang panlasangan na magsagawa ng live na pagtatanghal tungkol sa pagbabawal ng Taliban sa edukasyon, sa pagbabalewala sa mga karapatan at tagumpay ng mga kababaihan, at sa mga bagay na pilit na ipinagkakait sa mga kababaihan ngayon. Sa isang pagtatanghal sa lansangan sa bandang Old Town sa Alexandria, Virginia, isinalarawan ng dalawang babaeng pintor ang pagdurusa ng mga kababaihang Afghan. Tumagal nang limang oras ang kanilang pagpipinta. Habang nagpipinta sila, nakipag-usap naman kami sa publiko upang ipabatid sa kanila ang kasalukuyang kalagayan ng mga kababaihan sa Afghanistan at nagpamigay ng mga polyeto na may kalakip na impormasyon tungkol sa aming website at mga account sa Twitter at Facebook.

Ang ikalawang bahagi ng aking proyekto, at isa sa



mga pinakamahahalagang bahagi ng aking gawa, ay ang kronolohikal na pagsasalaysay sa pagkatalo ng mga kababaihan, na isang biglaang pagbabago mula sa mga tagumpay na nakamit bunga ng panghihimasok ng Estados Unidos hanggang sa nangyari ang negosasyong pangkapayapaan at nauwi ito sa pagbabalewala at pagpapabaya sa mga kababaihan sa kamay ng mga teroristang grupo. Nananatiling sarado ang mga pambabaeng paaralan at pinagbabawalan ang mga babaeng makakuha ng trabaho. Dapat ding samahan ng isang lalaki ang isang babaeng aalis sa kanyang sariling tahanan. Nagsara ang mga bahay-kalinga at nagsilaho o pinagpapaslang ang mga babaeng nagpo-protesta. Binalewala na nang tuluyan ang mga kalayaang sibil at karapatang pampolitika ng mga kababaihan.

Para sa mga susunod na buwan, nagpaplano naman ako ng isang kampanya sa social media laban sa pagmamalupit ng Taliban, na may layuning impluwensiyahan ang ibang bansa na ituon ang kanilang mga polisy sa pagkilala at pagkondena sa mga karahasan at pang-aapi ng Taliban sa mga bata at matatandang babae. Hinihikayat ng serye ng mga videong aking binuo ang mga hindi taga-Afghanistan na matutunan ang siklo ng pagkapanalo at pagkawala ng mga karapatan at kalayaang nakamit ng mga kababaihan sa Afghanistan. Maaari rin itong gamitin ng iba pang mga gobyerno at mga nagsasariling pandaigdigang organisasyon na nananaliksik tungkol sa bahaging ito ng kasayasayan alang-alang sa pagtataguyod ang katarungang transisyunal.

Ang ambag ko ay isang tuntungan para sa mabisang dokumentasyon ng mga pagmamalupit laban sa mga bata at matatandang kababaihan sa Afghanistan. Mapapakinabangan ito ng publikong nais makaunawa at matuto nang direkta mula sa mga kababaihang Afghan, sa halip na sa kontroladong tinig ng pandaigdigang komunidad. Batay sa karanasan ko, sabik ang mga kababaihang mapanayam at malugod nilang pinaunlakan ang ganitong mga inisyatiba dahil sabik din silang magsalita at mapakinggan tungkol sa krisis sa kanilang mga karapatan. Mas masigasig sa paghahanap ng hustisya ang mga kababaihang aktibistang Afghan sa kabila ng pagpapalayas sa kanila mula sa bansa at ng di-tiyak at di-malamang kinabukasan para sa kanila.



ANG PAGHARAP SA MGA PLANADO O TARGETED NA PAGPASLANG SA MGA KABATAANG AKTIBISTANG AFGHAN

Ni: Mohammad Yahya Qanie

Sa labas ng kontinenteng Africa, ang Afghanistan ang pinakabatang bansa, kung saan halos 75% ng populasyon ay mas mababa sa edad na 35. Gayunman, ang bilang ng mga planado o targeted na pagpaslang sa mga kabataang aktibista, mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, at mga mamamahayag noong 2020-2021 sa Afghanistan ay ang pinakamataas na naitala kahit kailan, simula noong digmaan. Dahil alam naming walang anumang mekanismong gumagana upang mabigyan ng pisikal, digital, legal, at pinansyal na proteksyon ang mga aktibista, nagsama-sama kami, ang higit sa 240 organisasyong pinangungunahan ng

KONTEKSTO: Afghanistan

MGA NAOBSERBAHANG PALATANDAAN NG KARAHASAN:

Aktibong armadong tunggalian

Krisis pampulitikang dulot ng agawan ng kapangyarihan at ng mga armado o radikal na kilusang oposisyon

Kakayahang magrekluta o manghikayat ng malaking bilang ng populasyon at pagkakaroon ng mga paraan upang pakilusin sila

mga kabatan, at binuo ang National Youth Consensus for Peace upang bumuo ng agarang istrategiya upang ipagtanggol ang mga aktibista, kahit sa pisikal at digital na antas man lang.

Nananatili pa rin ang kaligtasang pisikal, digital, at legal bilang ilan sa mga pinakamahahalagang konsiderasyon para sa mga nakatrabaho kong kabataang aktibista at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Dahil pinangungunahan namin ang mga pagkilos at kilala rin kami ng publiko, nalalagay kami sa panganib. Walang anumang balangkas sa pambansang antas para sa pagbibigay ng anumang proteksyon, at ang isyu ng pagbibigay-proteksyon – pisikal, digital, o legal man ito – ay nag-iiba-iba batay sa rehiyon. Ang kahinaan ng estado ilang taon pa man bago ito maagaw ng Taliban, lalo na tungkol sa sektor ng seguridad, ay isa lamang sa maraming palantandaan kung gaano kapanganib ang maging kabataang aktibista. Ang sadya at planadong pagpatay (na pinaniniwalaang malawakang isinasagawa ng Taliban) ay isa sa mga pinakamabibigat na isyung hindi namin magawang lutasin. Bukod diyan, wala ring umiiral na batas pambansa upang ipagtanggol ang mga kabataang aktibista at sibilyan mula sa paniniktik, pangha-hack, at pambabanta sa social media. At ang pinakamalala pa riyan, dahil sa matinding kurapsyon at rasismo sa loob ng estado, sa sektor ng seguridad, at sa sistemang panghukuman, halos imposible para sa mga kabataang aktibistang Afghan na kumilos nang ligtas.



Pagtatanggol laban sa marahas na kapulisan sa gitna ng mga kilos-protesta

Nangyayari ang karahasan at pagmamalupit sa iba't ibang anyo at pamamaraan. Dito, tututukan ko ang pinakabago at personal na anyo nito: ang karahasan ng kapulisan. Bunga ng kilusang Black Lives Matter sa Estados Unidos, umabot na sa rurok ng pampublikong atensyon ang karahasan ng mga pulis sa nagdaang 2 taon. Gayunman, hindi natin dapat isiping sa US lang marahas ang mga pulis. Sa Indonesia - kung saan ako nakatira - ang bawat kilos-protesta ay nauwi

sa eksena ng gulo sa pagitan ng mga nagsisipag-protesta at kapulisan. Gayunman, panaka-naka lang ang pagbatikos sa karahasan ng kapulisan dahil tila normal na itong sitwasyon. Sa kasamaang-palad, malalim nang nakatanim sa isipan ng ating lipunan ang ideyang kung sasali ka sa kilos-protesta, dapat asahan mo nang sasaktan at aarestuhin ka ng mga pulis. Marami sa atin ang hindi naiintindihang hindi ito ordinaryong bagay. Hindi natin alam na hindi naman dapat tinatapatan ng tear gas at batuta ang bawat kilos-protesta.



Syempre, nakakalungkot isiping pagsupil ang tugon ng gobyerno ng isang demokratikong bansa sa pampublikong pagbatikos. Ang paglaan ng espasyo para sa pagkakaiba-iba ng opinyon ay tanda ng isang malusog na demokasya; ang paggamit ng dahas ay hindi. Tungkulin nating labanan ang dahas ng kapulisan hangga't kaya natin. Ngunit dahil hindi natin kayang baguhin ito nang basta-basta, kailangan nating gumawa ng mga hakbang na naaayon sa karahasang maaaring mangyari.

Ang unang bagay na kailangan natin para tapatan ang karahasan ay alamin ang ating mga karapatan. Tiyakin ninyong bago kayo dumalo sa kilos-protesta, alam niyong may karapatan kayong sumali roon at malay kayo na maaari kayong arestuhin o ikulong nang walang katuwiran. Ngayong alam niyo na, kailangan naman nating tiyakin ang ating kaligtasan at asahan ang karahasan sa pamamagitan ng mga sumusunod:


- 1. Kunan ang lahat ng nangyayari.** Dalhin ang inyong smartphone, camera, o iba pang device sa pag-rekord. Depende sa uri nito, maaaring mabilis ang mga pangyayari sa isang kilos-protesta, at makatutulong ang anumang ebidensyang nakunan sa video, kung sakali mang kailanganin ninyo ito.
- 2. Magdaos ng kilos-protesta nang maramihan.** Mas marami, mas ligtas; mahalaga ring sumama sa mga pinagkakatiwalaang ninyong kapwa-aktibista upang tiyaking ligtas at maayos ang lahat sa kabuuhan ng kilos-protesta.

3. **Bumuo ng hotline para sa tulong-seguridad at legal na matatawagan ng mga nagsisipag-protesta at mga aktibista kung sakaling kailangan nila ng tulong.**
4. **Maghanda ng mga paramedic sa araw ng kilos-protesta.** Tiyaking madaling hanapin ang suportang medikal, sakaling kailanganin ito. Hindi madalang ang mga kaso ng dehydration, pagkalito, panic attack, anxiety, o pinsalang pisikal sa kasagsagan ng matinding kilos-protesta.
5. **Magdala ng mga gamit tulad ng helmet, goggles, tubig, at gamot.**
6. **Kung kayo ay inaaresto, isigaw niyo ang inyong pangalan upang makilala kayo ng mga kapwa niyong nagpo-protesta at malaman nilang kailangan ninyo ng agarang suportang legal.**
7. **Maglikom ng salapi para sa tulong-legal (pyansa, atbp.) sa pamamagitan ng mga plataporma ng crowdfunding tulad ng GoFundMe.** Magastos ang tulong legal kaya kritikal ang paggamit ng ganitong plataporma kung wala kayong sariling pondo upang makakuha ng tulong-legal.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano tiyakin ang seguridad at kaligtasan, bisitahin ang: https://www.amnestyusa.org/pdfs/SafetyDuringProtest_F.pdf – **Manik Marganamahendra**

Isa lang ang planadong pagpaslang sa mga kabataang aktibista sa maraming tahasang paglabag sa mga karapatang pantao at sa international humanitarian law (IHL). Ilan pa sa mga palatandaan ng malawakang karahasan ang korupsiyon at rasismo, sistematiko at sadyang pag-atake sa mga partikular na grupo ng mga intelektuwal, at panggugulo sa mga gawaing pangkapayapaan. Kasunod ng Kasunduan sa Doha sa pagitan ng Estados Unidos at Taliban hinggil sa kapayapaan sa Afghanistan, nasaksihan namin ang dramatikong pag-akyat sa bilang ng mga kilalang kabataang aktibista, tagapagtanggol ng karapatang pantao at mamamahayag na pinapatay sa Afghanistan, na siyang lalong nagpalala sa takot ng mga aktibista. Dahil sa pambihirang paglawak ng mga di-ligtas na espasyo para sa mga aktibista, sinubok naming gumawa ng agarang istratehiya para sa kanilang pisikal at digital na seguridad na may dalawang bahagi habang kasabay na hinihimok ang mga opisyales at mga pandaigdigang organisasyon na bumuo ng matagalan at malawakang istratehiya at maglaan ng kaukulang pondo para sa proteksyon ng mga aktibista.

Sa unang bahagi ng aming agarang istratehiya, gumawa kami, ang National Youth Consensus for Peace, ng batayang gabay sa para sa proteksyong digital ng mga kabataang aktibista habang nagsasagawa rin ng pag-aaral tungkol sa mga sinadyang pagpatay sa nakaraan. Isa itong mabigat na gawain dahil hindi ligtas ang magpalitan ng impormasyon sa internet. Ayon sa aming pag-aaral, ang kalakhan sa mga biktima ng asasinasyon ay nakilala at nasundan sa social media. Bukod pa rito, kailangan din nating tandaan na kaya ng gobyerno o ng mga third-party na entidad na makinig sa mga tawag o makialam sa mga mensahe, dokumento, o mga napakasensitibong impormasyon tungkol sa target nila. Kalakip sa aming digital na gabay ang ilang istratehiya para sa mga mas ligtas na app para sa pagpapalitan ng email o mensahe, para sa pagprotekta sa datos at impormasyon, pag-iimbak ng sensitibong impormasyon tulad ng mga password, at pag-aayos ng settings ng smartphone upang bawasan ang akses at panghihimasok ng mga third-party app at pigilang matunton ang mga teleponong gamit ng mga aktibista.



Nakatuon naman ang ikalawang bahagi ng aming agarang istrategiya sa pansariling proteksyong pisikal ng mga aktibista. Tinuruan namin ang mga aktibista tungkol sa kung ano ang mga palatandaan, pati na kung anong dapat nilang gawin kung sila ay sinusundan o pisikal na inaatake. Kung ihahambing sa digital na seguridad, mas mahirap isagawa sa tunay na buhay ang pisikal na pagtatanggol sa sarili, ngunit sinikap pa rin naming itong ituro ang mga ito. Ginawa naming mas simple ang mga turo habang pinapanatiling malinaw ang mga susing prinsipyo nito. Malawak ang usapin ng digital at pisikal na kaligtasan, at mas malalimang pagsusuri pa ang kinakailangan upang tugunan ang sari-saring pangangailangan ng iba't ibang aktibista mula sa iba't ibang lugar; gayunman, isinama namin dito ang mga mahahalagang salik na may kinalaman sa kalagayan ng Afghanistan. Ang pakay namin ay payuhan ang mga aktibista kung paano nila ipagtanggol ang kanilang sarili sa panahong hindi sila kaya o nais ipagtanggol ng mismong estado. Binigyang-diin namin ang halaga ng pag-unawa ng mga kabataang aktibista sa kanilang sariling kakayahang umambag sa pagbabago sa pamamagitan ng kanilang pagkilos.

Hinimok din namin ang iba't ibang sektor na magpatupad ng mga dagdag na hakbang pangseguridad para sa mga kabataang aktibista. Nang nalaman naming hindi interesado ang mga gobyerno o kinailangan muna nilang pag-aralan nang mabuti ang kritikal na paksang ito, minabuti na lang naming bumuo ng sarili naming pamamaraan upang ipagtanggol ang aming mga sarili. Bumuo kami ng istrukturang hugis-tatsulok na binubuo ng estado, mga espesyalista sa kapayapaan at seguridad, at ng mga aktibistang pangmasa. Salamat sa kolektibong kakayahan at kaalaman ng mga grupong ito, matagumpay naming napag-ugnay-ugnay ang mga elementong teoretikal at nagamit ang mga karanasan ng mga biktima upang bumuo ng isang gabay.

Sinimulan naming buhin ang gabay na may layuning lumikha ng maayos na kagamitan na agarang tutugon sa mga suliranin ng mga aktibistang Afghan. Nang nabuo na namin ito upang iprisinta, binalak naming maglunsad ng isang kampanya sa social media at ng isang petisyon sa tanggapan ng UN Youth Envoy upang bumuo at magtulak ng isang resolusyon para sa “Pandaigdigang Legal, Pisikal, at Digital na Proteksyon” ng mga kabataang aktibista, bilang bahagi ng kanilang adyendang Kabataan, Kapayapaan, at Seguridad. Gayunman, dahil sa tuluyang pagguho ng gobyerno ng Afghanistan noong Agosto 2021, naibahagi lang namin ang nasabing gabay sa apat na grupo ng mga kabataang aktibista. Hindi na ito natapos o naiprisinta sa kabuuan ng mga kabataang aktibistang Afghan bilang kumpletong gabay.

Mga Mungkahi:

Pagtuunan ng pansin ang mga kaya mong gawin:

Sa kabila ng lahat ng pag-unlad at mga tagumpay ng sangkatauhan sa ika-21 siglo, hirap pa rin ang mga taong mabuhay nang normal at ligtas. Tuluyang nabibigo ang mga patakaran at praktikang ipinatupad upang tiyakin ang kaligtasan at pag-asenso ng mga tao. Sa katunayan, ginawang mas komplikado ng iba't ibang patakaran ang takbo ng pulitika at gobyerno hanggang sa puntong nakakaligtaan na natin ang ating pundamental na layuning protektahan ang ating sariling mga mamamayan. Habang kailangan pa rin natin ng batayang reporma at atensyon sa mga bagay tulad ng proteksyong pisikal, digital, at legal para sa mga kabataang aktibista, tagapagtanggol ng karapatang pantao at mga mamamahayag, may mga hakbang tayong maaaring gawin upang bawasan ang mga negatibong epekto ng anumang insidente. Malikhain, maparaan, at masigasig ang mga kilusang pangkabataan. Kaya nilang magsama-sama at gumawa ng mga hakbang sa loob ng kani-kanilang samahan upang tugunan ang kahit anong isyu. Dahil alam nilang maaksaya sa oras ang mga pormal na proseso, at labis na lakas ang kanilang dapat ibuhos para sa mga pambansa at pandaigdigang pagkilos, mas pipiliin nilang umukit ng sarili nilang espasyo at gumawa ng paraan upang makahanap ng agarang solusyon. Dahil dito, may kapangyarihan silang itulak ang mga kinauukulang tuparin ang mga tungkulin nito, dahil sila mismong mga kabataan ay ginawa na ang kanilang makakaya. Kaya nilang mangalap ng mga kaalaman, tumukoy ng mga partikular na isyu at sagabal, at lusutan ang pasikut-sikot ng mga proseso.

Hanapin ang pinakamabisang paraan:

Basta nauunawan nila ang ang lawak at lala ng problema ng kawalan ng seguridad, kayang-kayang gumawa ng mga kabataan ng mabisang solusyong tutugon dito. Sa simula pa lang, kailangan na nilang tukuyin at ugnayan ang lahat ng mga kalahok. Sa kaso namin, tumukoy at bumuo kami ng tatsulok ng mga kabataang aktibista, espesyalista sa kapayapaan at seguridad, at mga organong pangseguridad ng estado bilang bahagi ng aming solusyon. May natatanging papel ang bawat panig at may mahalaga silang ambag sa aming ipinaglalaban. Kritikal ang papel ng mga kabataang aktibista at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao dahil sila ang pangunahing mga biktima rito. Nagbahagi rin ng mga makahulugang istorya ang mga mapalad na nakaligtas sa karahasan. Sa kabilang banda, tumulong din ang mga espesyalista sa kapayapaan at seguridad na, bagama't hindi pamilyar sa mga nangyayaring realidad sa Afghanistan, may sapat namang karanasan at pag-unawa sa paksa ng kapayapaan at seguridad, para sa pagbubuo ng panimulang gabay-istrategiko. Panghuli, kabilang din ang estado, na siyang namamahala sa seguridad at may kaalaman din sa nangyayaring realidad. Susi ang kombinasyon ng mga pangangailangan ng mga kabataang aktibista at ng praktikal na kaalaman ng mga espesyalista at estado sa pagbubuo ng mabisang

tatsulok na siyang nagdisenyo ng isang istrategikong gabay sa pagtugon sa mga agarang pangangailangan ng mga kabataang aktibista, tagapagtanggol ng mga karapatang pantao, at ng mga mamamahayag.

Panatilihin ang diin sa pundamental na pagbabago:

Habang inaasikaso natin ang paglutas sa isang isyu, huwag din nating kalimutan ang ibayong paghikayat sa mga tagagawa ng batas, sa pandaigdigang komunidad, at sa mga pandaigdigang organisasyon tulad ng United Nations na umaksyon sa mas mataas na antas. Ilan sa mga hakbang na nakatutulong upang matugunan ang isyu sa mas malawak na konteksto ay ang paghikayat sa mga pandaigdigang organisasyon na kilalanin ang isyu, pakikipag-tulungan sa mga grupo na sinusubok ding lutasin ang parehong isyu, at pagsusulong ng mga paraan sa paglutas ng isyung ito na maging opisyal na patakaran ng estado at mga pandaigdigang institusyon.

Panawagan para sa Aksyon: Suportahan ang mga Kabataang Aktibista sa Afghanistan

Nagdulot ng malala at nakasisirang epekto ang pagbagsak ng Afghanistan sa kamay ng Taliban noong ika-15 ng Agosto, 2021 sa buhay ng milyun-milyong kabataan sa buong bansa. Kasabay ng pagbagsak ng gobyerno ay ang pagbagsak din ng ekonomiya, mga institusyong pang-edukasyon, karapatang pantao, at ang paglaho ng pag-asa ng halos 18 milyong katao.

Noon pa man, binabalewala na ang mga kabataan, at ngayon, pinagdadaanan naman nila ang pinakamalalang trauma ng kanilang buhay. Bigo ang maraming makaalis sa kanilang bansa at nanatili, hindi dahil gusto nila, kundi dahil sa kawalan ng pag-asa. May iilang nagtagumpay sa paglipat sa Estados Unidos, Europa, Pakistan, at Iran. Naiwan nila ang kanilang mga pamilya, kaibigan, at mga mithiin sa buhay at tumakas dala-dala ang buong buhay at pag-aari nila sa loob ng isang school bag para lang literal na iligtas ang sariling buhay.

Huwag nating hayaang pahintulutan ng ating mga gobyerno na manaig ang iilan at magkaroon sila ng kapangyarihang magpasya sa kapalaran ng 18 milyong katao. Bilang mga indibidwal at mga grupo, tulungan natin ang ating mga kakamping kabataan sa Afghanistan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo, mentoring, pagbabahagi ng ating mga network, pag-konekta sa kanila sa anumang pwedeng trabaho, o iba pang uri ng tulong. Kailangan na kailangan ng kabataang Afghanistan ang inyong suporta; dumadaan sila ngayon sa pinakamapaghamong yugto ng kanilang mga buhay. Huwag natin silang biguin.

PANGWAKAS

nina Bokang Pooe and Devon Gulbrandsen

Ang mga malulupit na krimen kagaya ng pag-ubos at paglilinis sa mga lahi at mga krimen laban sa sangkatauhan ay hindi biglaan at basta-basta na lang nangyayari. Sa halip, planado at sadya ang mga ito, na may mga malinaw at nasusukat na pamantayang nagpapakita ng intensyong maghasik ng malawakang karahasan. Gayunman, minsan, kahit nagsasagawa tayo ng pakikialam at paghadlang sa karahasan, hindi natin napapansin ang ilang mahahalagang palatandaan nito gaya ng maliitang karahasan na madalas hindi pinalalabas bilang balitang pambansa o pandaigdigang, mga karahasang sadya at may kakaunting biktima gaya ng pag-atake ng mga gang o mob, o kaya ang mga di-bayolente ngunit istrategikong kaganapan tulad ng pagpapalakas ng mga armadong milisya. Ang mga palatandaang ito, bagama't hindi pormal na kinikilalang mga palatandaan ng panganib, ay nagtatayo ng isang kapaligirang hinog sa pagsasagawa ng malawakang krimen. Sa pagbubuo ng mga istrategiya sa paghadlang sa karahasan, madalas ding naisasantabi ang mga kabataan at ang papel na hawak nila sa pagtukoy ng mga karahasang nangyayari sa antas ng komunidad. Madalas, sabay na tinitingnan ang mga kabataan bilang maysala at biktima ng karahasan, ngunit bihira lang ilarawan sa panitikan ang kanilang walang-kapagurang pagsisikap upang labanan



ang karahasan sa kanilang mga komunidad. Gaya ng ibinunyag ng mga kabanata sa toolkit na ito, may natatanging papel ang kabataan sa pagtutukoy at pag-uulat sa mga nakababahalang kaganapan sa kani-kanilang mga komunidad at bansa sa pamamagitan ng pakikipag-diyalogo sa komunidad, mga inisyatiba sa pagbabahagi ng katotohanan at memoryalisasyon, mga kampanya sa social media, at paglulunsad ng mga adbokasiya.

Susi sa paghadlang sa karahasan ang pagtukoy ang mga maaagang palatandaan nito, ngunit lalong mas mahalaga ang maagaang pakikialam. Ang iba't ibang pakikialam na idinetalye sa kabuuan ng toolkit na ito ay pawang pagpapatunay sa kakayahan at sa sari-saring pamamaraan ng pakikilahok ng kabataan sa paghahadlang sa karahasan sa kanilang komunidad. Sinasalag at pinabubulaanan din nito ang naratibong walang pakialam, tamad, at walang karanasan ang mga kabataan upang makibahagi sa paghadlang sa karahasan. Bihira lang silang mabigyan ng pagkakataong gamitin ang kanilang karanasan at kaalaman upang bumuo ng panitikan hinggil sa kanilang papel sa katarungang transisyunal at paghadlang sa karahasan. Madalas, kinokonsulta lang sila ngunit hindi naman talaga isinasali sa proseso ng pagdedesiyon kung saan maibabahagi sana nila ang kanilang mga ambag. Ang mga proyektong pangkomunidad na isinagawa ng mga kasapi ng working group ng GIJTR, pati na rin ang mga nilalaman ng toolkit na ito, ay mga pagpapatotoo sa yaman ng kaalaman at kakayahang taglay ng kabataan.

Idinetalye namin sa mga sumusunod ang mga turong natutunan namin sa pagpapatupad ng mga inisyatibang ito na maaari ring pakinabangan ng mga pausbong na aktibista at isangkap sa kanilang mga gawain:

Isaalang-alang ang kaligtasan at seguridad

Habang marangal na gawain ang aktibismo at adbokasiya, hindi lahat ng sektor ng lipunan ay kakampi ng mga humahamon sa takbo ng lipunan, kaya naman ay napakahalagahang unahin ang pisikal at digital na kaligtasan ng inyong kilusan. Kailangan ng ibayong antas ng seguridad upang protektahan ang pagkakakilanlan ng bawat isa sa social media, lalo na sa gitna ng mga pabagu-bago at mapanganib na sitwasyon. Mainam na gumamit ng mga online na mekanismong pangseguridad upang ikubli ang inyong datos at impormasyon. Gayunman, maaaring hindi sa lahat ng oras ay gagana ang mga hakbang na ito, kaya dapat may mga abogado at representanteng legal sa inyong kilusan na agarang makakaalalay kung sakaling may maganap na ilegal o di-makatuwirang pag-aresto.

Masigasig at mapagmalasakit na umugnay sa mga kilusan at mga stakeholder

Istratehikong umugnay sa mga stakeholder at inyong mga kakilala at kumalap ng “puhunan” na susuporta sa inyong inisyatiba. Sa pagbuo ninyo ng mga makabuluhang



ugnayan, tinitiyak niyo ring ipagpapatuloy ng iba ang inyong nasimulan, na maaaring mauwi sa tuloy-tuloy na pagbabago. Mahalagang tiyaking may malasakit kayo sa lahat ng mga kalahok sa inyong pagkilos, lalo na sa mga itinuturing ninyong mga biktima ng isyu. Binibigyang-saysay ng kanilang mga istorya at isinabuhay na karanasan ang diwa ng ating aktibismo at nagsisilbi rin ang mga itong “imbakan ng kolektibong alaala” na siyang tatayong tulay tungo sa paghilom at katarungang transisyunal.

Kritikal na siyasin ang lahat ng impormasyon

Mas madaling magbahagi ng mga wastong istorya at magbuo ng mabisang stratehiya kung natitingnan at nasisiyasat nang maigi ang lahat ng impormasyong nakakalap mo. Sa kritikal na pagsusuri, mas nakatutok kayo sa katotohanan, at tutulong ito sa inyong patibayin ang inyong kredibilidad sa harap ng madla at sa mga komunidad na kinikulusan ninyo, habang tinitiyak na nananatili sa tamang panig ng kasaysayan ang mga gawain ninyo.

Gumamit ng malikhaing timpla upang ipahayag ang iyong mensahe

Gumamit ng mga online platform na siyang tutulong sa inyong ipakalat ang iyong mensahe sa mas malawak na masa at ugnay rin sa inyo sa inyong mga kakampi, mga donor, o mga taga-suportang maaaring umalalay sa inyo sa pagkamit ng inyong mga layunin. Bukod diyan, makatutulong din sa inyo ang paggamit ng sining tulad ng musika, sining-grapiko, atbp. upang mapalalim ang inyong mensahe at maipaabot ito sa masa sa mas makataong antas.

Aktibong bantayan at pangalagaan ang inyong kalusugang pang-isip

Susi ang kalusugang pang-isip sa tagumpay ng bawat pagkilos, lalo na sa panahong hiwa-hiwalay tayong nagtatrabaho at dala-dala natin ang dagdag na pasakit ng COVID-19 sa ating mga isip. Mahalagang pagnilayan at tasahin ninyo ang inyong kakayahang harapin ang nakakapagod na trabaho ng mga aktibista. Bukod diyan, mahalaga ring makiugnay kayo sa mga kakilala ninyo at gumamit ng mga mapapakinabangang rekurso, sa online man o sa pamamagitan ng sikoterapiya at counseling, upang tiyaking matutupad ninyo o ng inyong grupo ang misyong itinakda ninyo mismo.

Sa pagbabahagi ng kanilang mga karanasan sa Mga Tinig Laban sa Karahasan, hindi lamang tinutukan ng mga kabataang may-akda sa publikasyong ito ang mga isyung gumugulo sa kani-kanilang mga komunidad; nais din nilang makibahagi sa pagbuo at paglinang ng mga bagong henerasyon ng mga aktibista. Titiyakin ng mga stratehiya at pananaw na ibinahagi nila na matututo ang mga aktibista mula sa iba't ibang dako ng daigdig mula sa kapwa nila mga aktibistang nagsipaglubog sa kani-kanilang mga komunidad at nagsilunsad ng mga kampanya at mga proyekto upang harapin at tugunan ang iba't ibang mga pagsubok sa gitna ng pinakamapaghamong yugtong ito ng ating sariwang kasaysayan.

ENDNOTES

- 1 ICTY reflects strengths and weaknesses of international justice [Sinasalamang ng ICTY ang mga kalakasan at kahinaan ng pandaigdigang katarungan], Pierre Hazan, justiceinfo.net, Abril 2016: <https://www.justiceinfo.net/en/26728-icty-reflects-strengths-and-weaknesses-of-international-justice.html>
- 2 Malalimang tinalakay ang papel ng midya sa Prijedor sa kasong Prosecutor v. Stakić, Pandaigdigang Hukuman para sa Dating Yugoslavia, Hulyo 2003: <https://www.icty.org/x/cases/stakic/tjug/en/stak-tj030731e.pdf>
- 3 Call to genocide: Radio in Rwanda 1994 [Panawagan para sa Genocide: ang Radyo sa Rwanda noong 1994], Alison Des Forges sa “The media and the Rwanda genocide”, Allan Thompson, 2007, pg. 49-50: <https://idl-bnc-idre.dspace.org/bitstream/handle/10625/30283/IDL-30283.pdf?sequence=9&isAllowed=y>
- 4 From Texas to Kosovo: Rape survivor returns as part of new gov't [Mula Texas tungong Kosovo: ang pagbabalik ng isang survivor ng pangagahasa bilang bahagi ng bagong gobyerno], AlJazeera, Marso 2021: <https://www.aljazeera.com/news/2021/3/25/from-texas-to-kosovo-rape-survivor-returns-as-part-of-new-govt>
- 5 Hindi malinaw ang pinagmulan ng political slogan na ito (na sinasabi rin bilang “ang pribado ay pulitikal”), ngunit ipinapahayag nito ang karaniwang paniniwala sa mga peminista na ang personal na karanasan ng mga kababaihan ay nakaugat sa kanilang kalagayang pampolitika at di-kapantayan sa kasarian. Pinasikat ito noong 1970 sa sanaysay na may parehong pamagat ng peministang Amerikana na si Carol Hanisch. Tingnan ang: <https://www.britannica.com/topic/the-personal-is-political>
- 6 **Kalusugang Pang-isip at aktibismo:** Isang video-talakayan tungkol sa kalusugang pang-isip at aktibismo na binuo ni Iva Janković bilang bahagi ng inisyatibang Hindi Kami Sumuko Dahil Naaalala Namin na inialay sa ika-30 anibersaryong ng mga kilos-protesta sa kasagsagan ng mga digmaan noong dekada 1990 sa dating Yugoslavia.
- 7 “Helping the Helpers” Impormasyon sa Kalusugang Pang-isip at mga Karapatang Pantao <https://www.hhri.org/thematic-pages-overview/helping-the-helpers/>
- 8 Lektyur: Gabor Maté, When The Body Says No: Mind/Body Unity and the Stress- Disease Connection [Kung Kailan Ayaw ng Katawan Natin: Pagkakaisa ng Isip at Katawan at ang Ugnayan ng Istres at Karamdaman] <https://www.youtube.com/watch?v=qlHIWxWuFO>
- 9 Para sa higit na pagbabasa, bisitahin ang: <https://www.hhri.org/thematic-pages-overview/helping-the-helpers/>
- 10 Si Brené Brown ay isang mananaliksik at istoryador na ginugol ang nakaraang dalawang dekada upang pag-aralan ang katapangan, bulnerabilidad, hiya, at pagdamay. Naniniwala siyang kailangan nating pagdaanan ang bulnerabilidad upang makuha ang tapang, o kaya, “yakapin ang yamot.” Para sa higit na impormasyon, tingnan ang: <https://brenebrown.com/about>
- 11 “How Duterte Used Facebook To Fuel The Philippine Drug War” [Kung Paano Ginamit ni Duterte ang Facebook upang Paigtingin ang Giyera Kontra Droga sa Pilipinas]. BuzzFeed, Davey Alba. Setyembre 4, 2018 <https://www.buzzfeednews.com/article/daveyalba/facebook-philippines-dutertes-drug-war>
- 12 “Philippines ‘War on Drugs’ [Giyera Kontra Droga sa Pilipinas]. Human Rights Watch. <https://www.hrw.org/tag/philippines-war-drugs>
- 13 “How Duterte Used Facebook To Fuel The Philippine Drug War” [Kung Paano Ginamit ni Duterte ang Facebook upang Paigtingin ang Giyera Kontra Droga sa Pilipinas]. BuzzFeed, Davey Alba. Setyembre 4, 2018 <https://www.buzzfeednews.com/article/daveyalba/facebook-philippines-dutertes-drug-war>
- 14 “Philippines: UN rights office appalled over simultaneous killings of ‘red-tagged’ activists” [Pilipinas: tanggapan ng UN hinggil sa karapatang pantao, nabigla sa sabay-sabay na pagpaslang sa mga ni-‘red tag’ na aktibista]. UN News, Marso 9, 2021 <https://news.un.org/en/story/2021/03/1086782>
- 15 “2021 State of Press Freedom in the Philippines” [Ang Estado ng Kalayaan sa Pamamahayag sa Pilipinas sa Taong 2021]. Melinda De Jesus. Philippine Center for Investigative Journalism, Mayo 05, 2021. <https://pcij.org/article/6425/2021-state-of-press-freedom-in-the-philippines>
- 16 Riley E. Olson. Roles of Social Media in the Black Lives Matter Movement During COVID-19 [Ang Mga Papel ng Social sa kilusang Black Lives Matter sa Kasagsagan ng COVID 19]. Abril 2021. <https://scholarworks.gvsu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1839&context=honorsprojects>
- 17 Cortés-Ramos A, Torrecilla García JA, Landa-Blanco M, Poleo Gutiérrez FJ, Castilla Mesa MT. Activism and Social Media: Youth Participation and Communication [Aktibismo at Social Media: Pakikilahok at Pakikipag-ugnayan ng Kabataan]. 2021 <https://www.mdpi.com/2071-1050/13/18/10485>
- 18 African Union, “A Better Inclusion of African Youth in the Public Service, A Workshop for Progressive Reforms and How to Achieve Them” [Mas Maayos na Pagbilang sa Kabataang Aprikano sa Serbisyo Publiko, isang Workshop para sa mga Progresibong Reporma at Kung Paano Sila Makamit]. Mayo 5, 2020. <https://au.int/fr/newsevents/20200504/une-meilleure-inclusion-de-la-jeunesse-africaine-dans-le-fonction-publique>
- 19 Maizland, Lindsay. “US-Taliban Peace Deal: What To Know” [Ang Kasunduang Pangkapayapaan ng US at Taliban: Ano ang Dapat Malaman tungkol Dito] Council on Foreign Relations, 2 Marso 2020. <https://www.cfr.org/backgrounders/us-taliban-peace-deal-agreement-afghanistan-war>
- 20 “From Taliban to Taliban: Cycle of Hope, Despair on Women’s Rights” [Mula sa Taliban tungo sa Taliban: ang Siklo ng Pag-asa at ng Pagkawala Nito para sa mga Karapatan ng Kababaihan]. Heather Barr, Human Rights Watch. Nobyembre 1, 2021. <https://www.hrw.org/news/2021/11/01/taliban-taliban-cycle-hope-despair-womens-rights>
- 21 Abed, Fahim and Gibbons-Neff, Thomas. “Targeted Killings Are Terrorizing Afghans. And No One Is Claiming Them” [Naghasasik ng Takot sa mga Afghan ang mga Planadong Pagpatay. At Walang Umaako Rito]. New York Times, 2 Jan. 2021. <https://www.nytimes.com/2021/01/02/world/asia/afghanistan-targeted-killings.html>
- 22 UN Security Council Press Release. “Killings, Suffering of Afghanistan’s People ‘Must End Now’, Special Representative Tells Security Council, Demanding Greater Action by Global Community” [Dapat nang Magwakas ang mga Pagpatay at Pagdurusa ng mga Mamanayan ng Afghanistan, Giit ng Ispesyal na Kinatawan sa Security Council, tungkol sa Panghingi ng Ibayong Pagkilos ng Pandaigdigang Komunidad]. 23 Marso 2021. <https://www.un.org/press/en/2021/sc14472.doc.htm>



International Coalition of
SITES of CONSCIENCE

www.sitesofconscience.org

 [Facebook.com/SitesofConscience](https://www.facebook.com/SitesofConscience)

 [@SitesConscience](https://twitter.com/SitesConscience)

 [SitesofConscience](https://www.instagram.com/SitesofConscience)



GIJTR

Global Initiative for Justice
Truth & Reconciliation

www.gijtr.org

 [@GIJTR](https://twitter.com/GIJTR)

 [@GIJTR](https://www.instagram.com/GIJTR)